

Mga magsasaka, pamayanan umaasenso dahil sa kalabaw

NI ANSELMO S. ROQUE

Mahaba na, at patuloy pang humahaba, ang talaan ng mga magsasakang umaasenso ang buhay dahil sa kani-kanilang mga gatasang kalabaw.

Ang talaan, na makikita sa Philippine Carabao Center (PCC) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, ay pinatunayan ng mga pagtiyak na isinagawa ng mga manunulat. Nakita, nakausap at nakuhanan ng larawan ang mga tinukoy na mga magsasaka.

Ang mga gatasang kalabaw ay kinabibilangan ng mga dekalidad na *riverine water buffaloes* at mga kalabaw na crossbred.

Kilalang lahing nagbibigay ng maraming gatas at karne, ang mga *riverine buffaloes* ay sadyang ikinalat ng PCC bilang *incubator dairy module* upang maipakitang

sadyang may malaking pag-asang bumuti ang buhay dahil sa gawaing pag-aalaga, pagpaparami at paggatas ng mga gatasang kalabaw. Ang *crossbred* naman ay mga anak ng mga inahing katutubong kalabaw na pinagbuntis sa pamamagitan ng semilya ng mga sadyang pinili na mga bulugang kalabaw na may lahing *riverine*.

Ang katutubong kalabaw, o *native carabao* sa Pilipinas, ay nasa uring *swamp buffalo* na ang kalakhang kapakinabangan ay bilang pantrabaho sa bukid. Mahina lamang ang naibibigay na gatas ng mga inahing *native carabao*. Kumpara sa *riverine buffalo*, kaunti lang din ang karneng makukuha sa *native carabao* dahil higit silang maliliit

(SUNDAN SA P. 8)



Pagkakaroon ng sapat na pagkain, pangunahing layon ni Kalihim Procy

NI ROWENA G. BUMANLAG



Kalihim Proceso "Procy" J. Alcala

B I L A N G PAGTANGGAP ni Kalihim Proceso "Procy" J. Alcala ng Kagawaran ng Agrikultura sa iniatang na tungkulin sa kanya, hinimok niya ang lahat ng kawani ng Kagawaran na magkaisa upang tuparin ang mga pangunahing gawain ng bagong administrasyon,

kabilang dito ang kasiguruhan ng pagkain sa bansa.

Sa kaniyang talumpati ng pagtanggap na ginawa sa punong-tanggapan ng Kagawaran sa Quezon City noong July 5, 2010, sinabi ng bagong Kalihim na naaangkop ang panahon upang makabangong muli ang Pilipinas sa pamamagitan ng modernong agrikultura.

Si Kalihim Alcala, 55, ay dating kinatawan ng pangalawang distrito ng Quezon bago siya maatasan ng Pangulong Benigno Aquino III bilang kalihim ng agrikultura.

Binigyang-diin niya na sa kanyang

panunungkulan ay magkakaroon ng higit na matalas na pakiramdam at paglutas sa mga pangangailangan ng mga magsasaka. Idinagdag pa niya na magiging hantad sa mga kinauukulan ang lahat ng gawain ng ahensiya at hihikayatin ang pakikilahok nila sa mga ito.

Anyang, maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga mekanismo ng pagbibigay-puna sa mga proyekto ng ahensiya na kung saan ang mga personalidad sa pamamahayag, maging ang publiko, ay maaaring magpaabot ng kanilang mga saloobin ukol sa mga polisiya at programa ng kagawaran.

"Nasa puso po natin ang makatulong sa kasalukuyang administrasyon para maramdaman ang pagbabago sa buhay ng ating mga magsasaka at mangingisda," anyang.

Dagdag pa ng Kalihim, "Inaasahan ko po ang maganda nating pagsasamahan para po sa mas mabilis nating pagkilos para mabilis din po nating masuklian ang pagtitiwala ng ating kababayan sa ating mahal na Pangulo."

Sa isang pagtitipon kasama ang mga mamamahayag, sinabi ni Kalihim Alcala na palalaksin ng Kagawaran ang mga

(SUNDAN SA P. 4)

Sa Argentina Pinuno ng PCC, ibinahagi sa World Buffalo Congress ang mga resulta ng pananaliksik sa kalabaw sa buong Asya

NI ROWENA G. BUMANLAG

PARA SA milyun-milyong maliliit na magsasakang nagmamay-ari ng kalabaw sa buong mundo, mananatili ang kalabaw bilang mapananaligang hayop na nakapagbibigay ng kita araw-araw.

Sa ginanap na 9th World Buffalo Congress (WBC) sa

Argentina, inilahad ng executive director ng Philippine Carabao Center (PCC) na si Dr. Libertado Cruz ang mga pagpupunyagi upang mapakinabangan ang gatasang kalabaw at maging kasangkapan sa pagpapabuti ng buhay ng maraming pamilya sa kanayunan. Kaakibat nito

(SUNDAN SA P. 11)



BASYONG AT BASYANG. Ang kauna-unahang kambal na crossbred na bulo bunga ng serbisyong artificial insemination (AI) ng PCC sa Rosario, La Union.

SA LOOB:

Mga pangakong biyaya sa paggagatas, itinampok sa DairyConEx-Cebu/ p. 2
Mastitis at surra, mga karaniwang sakit ng gatasang kalabaw/ p. 2
Kung ano ang 'Paiwi System' ng PCC/ p. 3
Mga dagdag kaalaman tungkol sa kalabaw/ 4
Pagpapanibagong-anyo ng buhay dahil sa kalabaw/ p. 5

'Pag-aalaga ng gatasang kalabaw ang umakay sa amin tungo sa tagumpay' anang mga magsasaka ng San Jose City / p. 6
'Sa kalabaw, mas gumanda ang buhay ng aking pamilya' / p. 7
Mga may-ari ng gatasang kalabaw sa Cavite: 'Di namin problema ngayon ang panggastos sa araw-araw' / p. 7

Glory, Cory, Erap at Fidel/ p. 8
Pagkakakitaan mula sa dairy procesing/ p. 9
S&T-based na mga sistema, kagamitan, nakapagpapataas ng kita sa paggagatas/ p. 10
BASYONG AT BASYANG: Kambal na kalabaw sa PCC-DMMMSU/ p. 12
Pera mula sa gatas ng kalabaw/ p. 12

Sundan ang istorya sa pahina 12

2 Mga pangakong biyaya sa paggagatas, itinampok sa DairyConEx-Cebu

PCC Balita Tomo 2 Bilang 1, 2010

NI ROWENA G. BUMANLAG

Ayon sa Kagawaran ng Pagsasaka, ang mga Pilipino ay tinatayang kumukonsumo ng 65-bilyong pisong halaga ng mga produktong mula sa gatas na inaangkat sa ibang bansa taun-taon.

Tinitingnan ang napakalaking halagang ito bilang isang pagkakataon para sa mga namumuhunan sa paggagatas na kumita mula sa iba't ibang negosyo na nakasalig sa gatas.

Tampok ang mga pangakong biyayang ito at ilan pang magagandang pagkakataon sa negosyo ng gatas sa ginanap na "Dairy Congress and Expo" sa Cebu International Convention Center, taong kasalukuyan.

Naging tema ng pagtitipon ang "Sa dairy, ang kita ay daily".

Ayon kay G. Danilo V. Fausto, ang pambansang tagapangulo ng Dairy Confederation of the Philippines (DairyCon), angkop na pagkakataon ang pagsasagawa ng ganitong gawain upang higit pang mapagtibay ang industriya ng paggagatas. Layunin din ng taunang gawain ang palaganapin ang mga tunguhin ng organisasyon para sa mabilis na pag-unlad ng industriya ng paggagatas.

Si G. Fausto ay may-ari ng DVF Dairy Farm, Inc. sa Talavera, Nueva Ecija.

Ang DairyCon ay isang organisasyon na kinabibilangan ng mga lokal na maggagatas at kanilang mga kooperatiba. Pangunahing layunin nito ang maging instrumento para sa

mga usaping makaaapekto sa mga interes ng industriya sa kabuuan at sa mga nakikinabang dito.

Sa kasalukuyan, mayroon itong pitong kasaping pederasyon at limang kooperatiba.

Ayon pa rin kay G. Fausto, ang industriya ay nahaharap sa maraming pagsubok na dapat na agarang ma-solusyunan.

Kabilang dito, aniya, ang paghikayat sa mga mamumuhunan para sa mga gatasang hayop, mabilis na pagsasakatuparan sa programa ng pagpaparami ng mga gatasang hayop, pagpapataas ng lahi ng mga gatasang hayop sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na *crossbreeding*, pagbibigay-atensiyon sa mga pangangailangang pinansiyal ng mga nagnenegosyo sa gatas, matinding suporta para sa pagtataguyod ng mga lokal na produktong gatas sa mga pamilihan, at pagsasagawa ng mga programang tututok sa usapin ng malnutrisyon sa mga bata.

"Tunay na nagbibigay ng maraming oportunidad ang paggagatas upang mapaganda ang kalagayan sa buhay ng marami nating kababayan



ISANG MAHALAGANG kaganapan sa DairyConEx-Cebu ang paglagda sa kasunduan ng iba't ibang ahensiyang sangkot sa pagpapalakas ng industriya ng paggagatas sa bansa katulad ng Philippine Carabao Center, National Dairy Authority, Department of Agrarian Reform, Philippine Fruit and Vegetable Industries, Inc. at DairyCon. Ang kasunduan ay tungkol sa mga gawaing patuloy na makapagpapalago sa industriya.

maging ng kanilang mga pamilya at ang industriya sa kabuuan," dagdag pa ni G. Fausto.

"Sinisiguro din ng paggagatas ang pagkakaroon ng isang trabaho sa bawat 20 hanggang 30 litro ng gatas na naibebenta kada araw," dugtong pa niya.

Sa isa pang paghahayag ng ulat ukol sa kalagayan ng industriya, sinabi ni National Dairy Authority (NDA) administrator Orkhan Usman na magtatatag ang gobyerno ng 10 *multiplier farms* o mga paramihang-bukid na kung saan magkakaroon ng pagkakataon ang lokal na industriya ng paggagatas na paramihin ang pansariling-pangangailangan nito para sa mga gatasang hayop.

Bahagi rin ng programa ang paglagda ng isang kasunduan na kinasasangkutan ng PCC, NDA, Department of Agrarian Reform (DAR), Philippine Fruit and Vegetable Industries, Inc. at ng DairyCon para sa maraming usapin.

Ang mga usaping ito ay

kinabibilangan ng pagbili at pamamahagi ng mga gatasang hayop, pagsasanay, pamamahala at pagsubaybay ng programa, pagpapalaganap ng impormasyon, at ilan pang mahahalagang usapin sa paggagatas.

Sa mensahe ni dating Kalihim ng Agrikultura Atty. Bernie G. Fondevilla, sinabi niyang ang kasunduan ito ay naaayon sa programa ng Kagawaran kung saan ang mga gatasang hayop at mga produkto mula dito ay sinisiguro ang mataas na kalidad, pagbibigay-kaalaman sa mga maggagatas tungkol sa mga pamamaraan ng *value-adding* sa gatas at sa masigasig na pagtulong sa aspetong bentahan ng gatas.

Dagdag pa niya, layon ng kasunduan na pagtibayin ang hangarin ng Kagawaran na patuloy na paunlarin ang pagpapataas ng produksiyon ng gatas at pagproseso at distribusyon nito.

Kabilang din sa mga

naging gawain sa nasabing DairyConEx ang mga sesyon tungkol sa iba't ibang paksa katulad ng programa ng *crossbreeding* o pagpapataas ng lahi ng gatasang hayop, tamang pagkolekta ng gatas, nutrisyon ng gatasang hayop, tamang pakain, pagpapanatili sa kalidad ng gatas, pagproseso, pagbebenta at marami pang iba.

Humigit-kumulang sa 15 na mga ahensiya at kumpanya mula sa gobyerno at pribadong sektor ang nakilahok sa *exhibit* upang ipakita ang kanilang mga teknolohiya at produkto.

Ang DairyConEx, na nakapagdaos na ng 13 kumbensyon, ay itinaguyod ng DairyCon sa pakikipagtulungan ng Cebu Federation of Dairy Cooperatives.

Kasabay nitong ginanap ang World Food Expo-Visayas, ang pinakamalaking pagtatanghal na ukol naman sa pagkain, sa parehong lugar.

Mastitis at surra: Mga sintomas at lunas ayon sa mga eksperto

NINA JOAHNA G. GOYAGOY AT PATRICIA S. BERNAL

Tamang pag-aalaga at regular na pagpapabakuna, ito ang mga paraan ng pag-iwas sa mga karaniwang sakit ng gatasang kalabaw, ayon sa mga pag-aaral.

Mastitis at *surra* ang mga karaniwang sakit ng mga gatasang kalabaw. Ayon ito kay Dr. Claro N. Mingala, isang eksperto sa kalusugan ng mga hayop sa Philippine Carabao Center (PCC).

Ang *mastitis* ay ang pamamaga ng suso ng gatasang hayop, kung saan maaaring maapektuhan ang isa o lahat ng apat na glandula ng suso ng kalabaw.

Ayon kay Dr. Mingala, ang sakit na ito ay sadyang di maiiwasan sa mga gatasang hayop nguni't di rin naman ito nakamamatay. Karaniwang epekto ng sakit na ito, anya,

ang pagbaba ng produksyon ng gatas dahil sa pagkasira nito.

Kabilang sa mga sintomas ng naturang sakit ay ang mataas na lagnat, kawalan ng ganang kumain, at pag-init, pamamaga, paninigas at pagsakit ng suso ng gatasang hayop. Bukod pa rito, masasabing may *mastitis* ang kalabaw kung ang nakuhang gatas sa *strip cup* ay malabnaw, namumuo, naninilaw o kaya naman ay kulay kape.

Para maiwasan ito, ang pagsasagawa ng *strip cup test* bago gumatas ay makatutulong upang makumpirma kung ang hayop ay may *mastitis*.

Sa paraang ito, kaunting patak ng gatas mula sa isang utong ng gatasang hayop ay sinasahod ng *strip cup*. Pagkatapos, ikinakalat ito sa gitna ng *strip cup* upang masuri.

Ang California Mastitis Test (CMT) naman ay maaari ring gamitin sa pagsuri ng *mastitis*.

Sa pamamaraang ito, ang pagpatak ng gatas sa magkakaibang butas ng *paddle* mula sa bawat utong ng inahing kalabaw ay isinasagawa. Hinahaluan ang bawat butas ng 2 ml na *reagent* at dahan-dahang ginagalaw ang *paddle*. Kapag mabilis ang pagdaloy ng gatas at walang pamumuo, walang *mastitis* ang inahin.

Maaari ring ipasuri ang gatas ng inahin sa laboratoryo upang makita ang dami ng selyula at baktiryang taglay nito.

Ang sakit na ito ay maaaring maging malala o talamak. Kaya pinapayo ng mga eksperto sa mga maggagatas na ugaliing linisan ang kulungan at ang mga alagang hayop bago gatasan upang maiwasan ang pagkakaroon ng nasabing sakit.

Sa kabilang banda, ang *surra* ay isang delikadong sakit ng mga hayop na karaniwang dulot ng parasitong *Trypanosoma evansi*. Kadalasan itong naisasalin

sa pamamagitan ng kagat ng bangaw na may dala ng nabanggit na parasito.

Maaaring ikamatay ng kalabaw ang sakit na ito.

Karaniwang sintomas ng ganitong sakit ay pananamlay, mataas na lagnat, pamamaga ng hita at tiyan, pamamayag, at paninilaw. Sa mga buntis namang kalabaw, ayon kay Dr. Lester Verona, isang beterinaryo ng PCC, ang pinakamalubha nitong epekto ay ang aborsiyon na kadalasang nangyayari sa huling tatlong buwan ng pagbubuntis nito.

Kapag nakitaan ng mga sintomas ng *surra* ang alagang hayop, tumawag agad ng beterinaryo o *extension worker* na siyang kukuha ng *sample* ng dugo upang masuri sa laboratoryo.


Ugaliin ding pabakunahan ng *anti-surra* ang kalabaw bago ang panahon ng tag-ulan.

"Madaling kumalat ang *surra* sa panahon ng tag-ulan sanhi

ng mga insektong gaya ng bangaw kaya mainam na pabakunahan agad ang mga alagang kalabaw," payo ni Dr. Verona.

Bukod sa *surra* at *mastitis*, ilan din sa mga sakit na puwedeng makuha ng mga kalabaw ay ang *Tuberculosis* o TB, *anthrax*, *leptospirosis* at iba pang mga baktirya, *virus* at *protozoa*. Nguni't ang mga sakit na ito, ayon kay Dr. Mingala, ay hindi naman madalas o karaniwang nangyayari sa mga kalabaw.

Ilan lamang ang mga ito sa maaaring makuha ng mga hayop kung hindi agad mabibigyan ng tamang lunas. Kaya naman, ayon sa mga eksperto, ang tamang pag-aalaga, pagpapanatili ng kalinisan ng kulungan at ng mga mismong hayop, at regular na pagbabakuna ng mga ito ay mga wastong paraan upang maiwasan ang perwisyon ng dulot ng mga naturang sakit.



Kung ano ang 'paiwi system' ng PCC

Ang “paiwi system” ng Philippine Carabao Center (PCC) ay isang programa na may layuning mapabilis at mapasigla ang paglago at pagpapaunlad ng pambansang industriya ng kalabaw. Ang programa ay binubuo ng kasulatang nilalagdaan na may pamagat na “Binagong Paiwi: Kasunduan para sa 25-Gatasang Buffalo Modyul”.

Layunin ng programa na maipakita ang mahalagang maitutulong ng kalabaw bilang hanap-buhay na magmumula sa karne, gatas, balat at lakas nito; paunlarin ang pangkabuhayang kakayahan ng kalabaw sa pamamagitan ng paggamit ng makabago at epektibong pamamahala at pamamaraan; at paunlarin, patatagin at palawakin ang katutubong lahing kalabaw sa pamamagitan ng pagkuha, pagpapanatili at pamamahagi ng magagandang lahi ng katutubong kalabaw at inangkat na buffalo.

TUNGKULIN NG PCC na magpahiram ng gatasang kalabaw sa mga magsasakang may-angkop na kakayahan at ang nasabing gatasang kalabaw ay mananatiling pagmamay-ari ng PCC.

Karagdagan sa responsibilidad ng PCC ang pagpapalakas ng kakayahan at kaalaman ng mga magsasakang kalahok sa pamamagitan ng pagsasagawa ng gawaing pagbuo ng kumunidad, pagsasanay ng pamumuno at mga kahalintulad nito.

Kabilang din dito ang pagbibigay ng kaukulang kasanayan sa wastong pangangalaga sa kalusugan, pagpapalahi, pagtatala, paggawa ng iba't-ibang produkto at pagbebenta; pagbibigay ng tulong upang magkaroon ng kagamitan at iba pang kasangkapan para sa pagproseso ng produktong galing sa kalabaw; at subaybayan at tasahin ang programa sa bawat takdang panahon sa pakikipagtulungan sa tanggapan ng lokal na pamahalaan.

TUNGKULIN NG KOOPERATIBA na maging masinop at magmintina ng mga libro tungkol sa pananalapi at iba pang mahahalagang talaan tungkol sa programa at pondong panggarantiya at pahintulutan ang PCC na makita ang nasabing talaan anumang oras nito naisin; at kunin at pagsamasamahin ang mga sipi ng talaan ng bawat kalabaw at ng kakayanan nito.

Dagdag pa rito ay ang mga tungkuling siguraduhin ang kaligtasan ng mga kalabaw, tulungan ang tauhan ng PCC sa pagsasagawa ng tulong teknikal, at magbigay ng halagang P1,000 kada taon kada hayop sa loob ng limang taon bilang pondong panggarantiya. Ang nasabing kalabaw ay ilalagak sa hiwalay na libro de bangko na dapat nilagdaan ng pangulo ng kooperatiba/samahan, ingat-yaman ng kooperatiba/samahan at ng punong tagapamahala ng PCC o kinatawan nito.

Kabilang pa rin sa mga tungkulin ng kooperatiba ay ang mabuting pag-aalaga, pagpapalahi, paggagatas, pangongolekta at pagproseso, kahit naisauli na ang

mga orihinal na inahin, pagsubaybay ng kalagayan ng bawat kalahok na magsasaka sa gatasang kalabaw, at pagbibigay ng ulat kada tatlong buwan o kung kinakailangan ng PCC.

Kapag namatay o ninakaw ang kalabaw at mapapatunayang ito ay dahil sa kapabayaan ng kalahok na magsasaka o kaya ay ipinagbili ang hayop na pag-aari ng PCC, ito ay babayaran niya sa PCC katumbas ng *book value* ng hayop mula sa pondong panggarantiya.

TUNGKULIN NG MAGSASAKA-KATIWALA na magbayad ng P1,000 kada *buffalo* kada taon bilang pondong panggarantiya sa loob ng limang taon.

Dapat ding alagaan ng wasto ang gatasang kalabaw alinsunod sa panuntunan ng PCC at bigyan ng angkop na bahay-kulungan at pagkukunan ng pagkain. Kung ang magsasaka-katiwala ay magpapabaya sa pag-aalaga ng mga hayop na nakapaloob sa kasunduan, ang PCC ay may karapatan na bawiin ang hayop sa pakikipag-ugnayan sa kooperatiba upang mapangalagaan ang interes ng pamahalaan; gamitin ang hayop para sa gatasan lamang; at panatilihin ang talaan, araw ng pagkabulog, araw ng panganganak, kasarian ng bulo at paggagatas (dami ng gatas araw-araw hanggang sa matapos maggatas ang hayop, benta ng produktong gatas at iba pa) sa mungkahing talaan ng PCC at ibigay sa sumasakop na kooperatiba kada buwan.

Dapat ding siguraduhin ng bawat katiwala na ang mga hayop ay malahian ng purong *Murray buffalo* sa pamamagitan ng bulugan o *artificial insemination* (AI) na isinasagawa ng kwalipikadong AI teknisyen; panatilihin na ang hayop ay nasa napagkasunduang lugar at hindi dapat ilipat ng walang kaukulang pahintulot mula sa PCC; iparating kaagad sa kaalaman ng lokal na pamahalaan o ng PCC ang anumang kaso ng pagkakasakit, na siyang gagawa ng karapatang lunas upang maiwasan ang paglala ng sakit.

Kapag namatay naman ang hayop na pag-aari ng PCC, ito ay dapat ipabatid kaagad sa pinakamalapit na opisyal ng lokal na pamahalaan o PCC. Sa loob ng 10 araw mula sa pagkamatay ng hayop, kailangang maibigay sa PCC ng: a) ulat na naglalarawan ng mga pangyayari o bagay-bagay tungkol sa pagkamatay ng (mga) hayop; b) sinumpaang salaysay ng dalawang hindi interesadong partido na may nalalaman sa pagkamatay ng (mga) hayop; c) *Report of Inspection* (Ulat ng pag-iimbestiga) na isinagawa ng *Provincial Auditor* o sinumang inatasang kinatawan; d) *Livestock Death Certificate* (Katunayan

ng pagkamatay ng hayop); e) *Necropsy Report* mula sa isang lisensyadong beterinaryo ng pamahalaan; f) Mga larawan ng namatay na hayop na nagpapakita ng mga marka ng pagkakakilanlan tulad ng *ear tag*; at iba pang mga dokumento na maaaring kailanganin.

Kapag nanakaw ang hayop na pag-aari ng PCC, ito ay dapat ipabatid kaagad sa pinakamalapit na opisyal ng alagad ng batas o PCC. Dapat ding maibigay sa PCC sa loob ng 10 araw mula sa pagkawala ng hayop ang ulat na nanggaling sa alagad ng batas na naglalarawan ng mga pangyayari o bagay-bagay tungkol sa pagkawala ng (mga) hayop at sinumpaang salaysay ng dalawang walang kinikilingang partido na may nalalaman sa pagkawala ng hayop.

Hindi maaaring ipagbili ang hayop na pag-aari ng PCC. Kapag nangyari ito, ang PCC ay may karapatan na pabayaran ang katumbas na *book value* ng hayop mula sa pondong panggarantiya.

PARAAN NG PAGBABAHAGI. Ang orihinal na hayop ay mananatiling pag-aari ng PCC at dapat isauli kung ito’y hindi na mapakikinabangan pa. Ang unang anak o bulo ay mapupunta sa magsasaka-katiwala bilang kanyang bahagi samantalang ang mga susunod na anak o bulo ay pagbabahagin ng PCC at magsasaka-katiwala sa pamamagitan ng 50:50 na hatian.

BISA NG KASUNDUAN. Ang kasunduan ay may bisa simula sa araw ng paglagda ng lahat ng panig at ito ay may bisa sa loob ng 10 taon at maaaring pahabain ayon sa mapagkakasunduan ng lahat ng panig base sa kakayahan ng hayop na manganak.

Ang bawat panig sa anumang oras ay maaaring magbigay ng hangarin na tapusin ang bisa ng kasunduan, kung saan ang pagtapos ng nasabing kasunduan ay magkakabisa anim na buwan matapos ang hangarin ay maipabatid at sa kundisyong hindi ito makasisira sa kasalukuyang ipinatutupad na programa.

Lahat ng susog, pagbabago at pag-iiba sa anumang termino ng kasunduan ito ay maisasagawa lamang pagkatapos ng limang taon.

Kung sakaling mamatay o maaksidente ang magsasaka-katiwala o sinuman dahil sa pinaalagaang kalabaw, ang PCC at lokal na pamahalaan ay walang pananagutan.

Sa paglabag sa nilagdaang kasunduan, ang PCC ay magsasagawa ng kaukulang aksyon-ligal alinsunod sa batas.



Mga dagliang kaalaman

TINIPON NI PATRICIA S. BERNAL MULA SA LIBRONG “APPRECIATING THE CARABAO”

MARAMI PANG MGA IMPORMASYON ANG DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA MGA KALABAW. MAKABUBUTING ITO'Y ATING ALAMIN AT TULOY TANDAAN.

- Alam ba ninyo na kabilang ang kalabaw sa pamilya ng *Bovidae* at sa tribo ng *Bovini*?
- Ayon sa mga pananaliksik ng mga arkeologo, ang mga kalabaw ay unang inalagaan noong 5,500 BC sa Katimugang Mesopotamia at sa mga lambak ng Indus;
- Ang *buffalo*, na kung saan nabibilang ang kalabaw, ay hango sa salitang Griyego na *boubalos* na ang ibig sabihin ay *cut-chewing* o ngumunguya ng nalunok nang pagkain;
- Ang pinaka-pinaniniwalaang teorya na pinagmulan ng pangalang kalabaw ay ang “karabaw” na salitang mula sa Visayas at Cebu na sinasabing galing sa salitang Malaysian na “kerbau”;
- Ang naiambag na tulong ng kalabaw sa gawaing bukid ay 20-30 porsyento lalo na sa katimugang-silangan ng Asya;
- Dahil sa pagkalat ng kanilang lahi at pakikibagay sa iba't ibang lugar, nagkaroon sila ng iba't ibang uri at pisikal na katangian;
- Mayroong 74 na iba't-ibang uri ng alagaing kalabaw sa buong mundo;
- Ang kalabaw ay kilala sa tawag na “buhay na makina” sa buong Asya;
- Ang paglalandi ng kalabaw ay umaabot ng 21 araw, ang pagbubuntis naman ay maaaring 300-320 araw. Ang panganganak ng kambal ay bibihira at ang kalabaw ay isang beses kada isa't kalahating taon kung magbuntis;
- Bihirang kumain ang kalabaw kung ang temperatura ng katawan nito ay mas mainit kaysa sa normal na temperatura sa kapaligiran;
- Mayroong malakas na pang-amoy ang mga kalabaw na nakatutulong para mapili ang mas makatas na bahagi ng halaman. Mayroon din silang sensitibong pandinig at ‘di masyadong nakadepende sa kanilang mga mata;
- Ang mga kalabaw ay walang *sweat glands* o glandula sa pagpapapawis, kaya naman sensitibo sila sa init ng araw at ibig nilang lagi silang nakababad sa tubig;
- Maaaring mabuhay ang kalabaw ng 25 na taon o higit pa kung mabibigyan ito ng tamang pag-aalaga; at
- Kayang magkaroon ng malakas na pangangatawan ang kalabaw kahit hindi gamitan ng matataas na uri ng *concentrated feeds* na ‘di tulad ng mga gatasang baka.
- Ang gatas ng kalabaw ay mas mainam kumpara

sa gatas ng baka. May kaunti itong tubig nguni't mataas ang taba, *lactose*, protina at iba pang bitamina. Mainam ito sa paggawa ng de-kalidad na keso, *butter*, *butter oil* at iba pang produkto;

- Ang gatas ng kalabaw ay isa sa pinakamagandang uri ng gatas kumpara sa ibang gatas ng hayop at halos kapantay ang kalidad nito sa gatas ng tao; Mababa ito sa kolesterol, mataas sa *calcium*, may taglay na *iron*, posporo, Bitamina A, protina at mataas na antas ng *antioxidant tocopherol* o Bitamina E;
- Bagama't ang karne ng kalabaw ay nagtataglay ng *saturated fat*, ito ay may mas magandang *dietary value* kumpara sa karne ng baka o baboy;
- Tinatawag na *carabeef* ang karne ng kalabaw at mahirap matukoy ang karne nito kung kasama

gamot.

May dalawang uri ng kalabaw, mga kalabaw na likas na mahilig maglunoy sa sapa at lawa (*swamp*

***buffalo*), at mga kalabaw na sa ilog naman ang hilig na puntahan (*river buffalo*)**

SWAMP BUFFALO

- Ang kalabaw na ito ay kadalasang nakikita sa mga sapa ng timog-silangang Asya at Tsina;
- Ito ay mayroong 48 *chromosomes*;
- Kadalasang kulay abo (gray) ang kanilang kulay; may puting *chevron* ito sa dibdib
- Malakas na pantrabaho sa bukid at nagbibigay rin ng karne; at

- Ang inahin ng ganitong uring kalabaw ay mababang magbigay ng gatas.

RIVER BUFFALO


- Ito ay mayroong 50 *chromosomes*;
- Likas ang hilig na maglunoy sa mga ilog;
- Kadalasang itim ang kanilang kulay at ang sungay ay anyong pakulot;
- May limang pinakatanyag na uring *river buffalo*, ang *Murrab*, *Nili-Ravi*, *Jaffarabadi*, *Surti*, at *Kundi*;
- Paborito itong paramihin at alagaan dahil nakapagbibigay ito ng mas maraming gatas kaysa sa *swamp buffalo* at mataas din ang kalidad ng karne at magagamit din bilang pantrabahong bukid;
- Ang karaniwang dami ng gatas ay dalawa hanggang apat na beses na mas marami kada paggagatas kumpara sa *swamp buffalo* nguni't mababa lamang ang *fat content* nito;
- Ang pinakamagandang uri nito ay mainam na gamitin sa pagpapalahi; at

sa karne ng baka;

- Ang balat ng kalabaw ay maaaring gawing *chicharon* o *crackling*;
- Ang sungay at iba pang bahagi nito ay maaaring gawing instrumento sa musika, lalagyan ng tubig, *frame ng salamin*, butones, *pins*, *amulet*, palamuti at marami pang iba;
- Ang dumi ng kalabaw ay maaaring gawing natural na pataba sa lupa;
- Ang buhok ng kalabaw ay maaaring gawing primera klaseng *paint brush* para sa mga pintor; at
- Ang ibang bahagi ng katawan nito, tulad ng baga, tiyan, lapay, *spinal cord*, *offal*, at iba pang lamang loob, ay maaaring pagmulan ng mga



Native na kalabaw (*swamp buffalo*)



Purebred na kalabaw (*river buffalo*)

Pagkakaroon ng sapat na pagkain... (MULA SA P. 1)

gawaing pagpapaabot ng mga kaalaman at teknolohiya sa mga magsasaka at mangangisda.

Gayundin, rerebisahin ang mga alituntunin ng mga lokal na pamahalaan upang bigyang-diin ang mga gawain ukol sa pagpapaunlad ng agrikultura kasama na ang pagsasa-moderno nito bilang pangunahing lakas ng ekonomiya ng bansa.

“Hindi nga po namin kaya itong gawin kung kami lamang ang gagawa nguni't ang departamento po ay malaki ang maitutulong kapag ang bawa't isa ay magbibigay ng tamang kooperasyon,” pahayag ng kalihim.

Sa usaping pagtanggap ng mga posisyon sa kagawaran, sinabi ng Kalihim, “Sana po ay magkaunawaan po tayo na hindi po ako nandito na parang berdugo, tagpas dito, tagpas doon. Ang aking pong gagawin

kung saan po kayo nababagay, dun po natin kayo dadalhin.”

Gayunpaman, binigyang-diin niya na siya man ay naging kawani rin kung kaya't batid at gamay niya ang trabaho sa tanggapan. Idinugtong niya na ang mga kawani ay nararapat lamang na magbigay sa kaniya ng mga impormasyon at ulat na makatotohanan at hindi pawang mga gawa-gawa lamang.

“At alam ko din po na kayo ay mas maalam sa akin. Kayo po ang mas nakaaalam ng mga detalye kaya pagsamasahin natin ito para sa ganun sa lalong madaling panahon, maisakatuparan po natin ang pinapangarap po ng ating Pangulo at ng buong bansa na ibalik po natin ang ating bansa sa kagalingan sa pamamagitan po ng agrikultura,” ani Kalihim Alcala.

Si Kalihim Alcala ay isa ring

propesyunal na inhinyero at tagapagtaguyod ng organikong pamamaraan ng pagsasaka.

Bilang Kinatawan ng Quezon, siya ang may-akda ng mga sumusunod na mga batas: *Organic Agriculture Act of 2010* (RA 10068), *Mounts Banahaw-San Cristobal Protected Landscape Act* (RA 2718) at ang *Hazardous and Radioactive Waste Management Act*. Kabilang rin siya sa mga may-akda ng *Climate Change Act* (RA 9729).

Dahil sa kaniyang natatanging malasakit sa agrikultura at kalikasan, ginawaran si Kalihim Procy ng “2003 Quezon Medalya ng Karangalan para sa Pagkalinga sa Kalikasan”. Isa rin siya sa mga pinarangalan bilang “*Ten Most Outstanding Public Servants*” kung saan tinanggap niya ang “Natatanging Parangal bilang Maka-kalikasan”.

“Hindi po namin kaya itong gawin kung kami lamang...nguni't ang departamento po ay malaki ang maitutulong kapag ang bawa't isa ay magbibigay ng tamang kooperasyon.”
-- Sec. Procy Alcala.

Pagpapanibagong-anyo ng buhay dahil sa kalabaw Mula sa karanasan ng isang grupo ng kababaihan sa Barangay Calabalabaan, Science City of Muñoz

Ni JOAHNA G. GOYAGOY



Ito'y totoong-totoo. Ang paggagatas ng kalabaw ay nagbigay ng bagong anyo ng buhay sa isang grupo ng kababaihan sa Barangay Calabalabaan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Sila ay mga miyembro ng Angat Buhay Producers' Cooperative (ABPC) na itinatag noong 2001.

Ilan sa kanila ay sina Cora de Guzman, Marites Avila at Belinda Parugrug. Bawa't isa sa kanila ay may magandang maibabahagi tungkol sa pagbabago ng kanilang buhay mula sa *25-dairy buffalo module* na proyekto ng Philippine Carabao Center (PCC).

Sila ay kabilang sa 15 miyembro ng Rural Improvement Club (RIC) na noo'y pag-aalaga ng baboy ang naging proyekto.

Nanghikayat sila ng karagdangang miyembro para mabuo ang 25 miyembro na dapat bumuo sa kooperatiba. Sila ay dumaan sa mga pagsasanay, kabilang na ang pamamahala ng isang kooperatiba na ibinahagi rin ng PCC.

Makaraan ang dalawang taon, ang mga kalabaw sa pangangalaga nila ay handa na para gatasan. Nakalikom sila ng 2,588.50 litro ng gatas na katumbas ng P82,832. Dito nagsimula ang mga kwento ng kanilang tagumpay.

'PANGIT' NA KALABAW

Sa pag-aakalang hindi maganda ang nakuha niyang kalabaw, naisip ni Marites, 36, na ang kaniyang kalabaw ay hindi mabubuhay nang matagal.

Ngunit makalipas ang dalawang taong masusing pag-aalaga sa inakalang "pangit" na kalabaw, ay nanganak ito at nagsimulang magbigay ng gatas.

Mula sa isang gatasang kalabaw na ipinahiram sa kaniya ng PCC, ngayon ay may 15 na siyang kalabaw kabilang ang walong lalaki na naibenta nila sa halagang tig-P18,000 bawa't isa. Sa kasalukuyan, mayroon siyang limang *Bulgarian buffalo* at dalawang *Brazilian buffaloes*.

Mula sa kita sa paggagatas, nakapagpandar siya ng sariling bahay, lupa, motorsiklo at mga kasangkapan. Dagdag pa rito ay nasusustentuhan niya ang mga gastusin sa kanilang bukid.

Ngayon, nangingiti siya pag naiisip na ang inakalang "pangit" na kalabaw, ay nanalo bilang *Best Dairy Carabao* sa magkasunod na taon ng 2005 at 2006 dahil malakas itong magbigay ng gatas. Ang parangal na ito ay iginawad ng PCC.

"Masaya ako dahil kahit babae ako, kaya ko pala,"

masaya niyang sabi.

Dahil sa nakitang kasaganaan ng buhay sa paggagatas ng kalabaw, wala na sa hinagap ni Marites na mangibang-bansa para magtrabaho kundi magbakasyon na lamang.

PANUSTOS SA PAG-AARAL

Gaya ng ibang mga pamilya sa Calabalabaan, si Cora at ang kanyang pamilya ay umaasa lang sa maliit na kita mula sa pagbubukid.

Ang palayang sinasaka nila ay pag-aari ng kapatid ni Cora kaya kakaunti lamang din ang kanilang kita at kadalasa'y napakababa pa ng kanilang ani. Mas naging mahirap ang kanilang buhay mula noong magsimulang mag-aral ang apat nilang anak.

Nguni't nag-iba ang takbo ng kanilang buhay ng ibigay ng kanyang ale na isa sa mga unang miyembro ng ABPC, ang pinahiram na gatasang kalabaw mula sa *25-dairy buffalo module* ng PCC.

Nang magsimulang magbigay ng gatas ang kanilang kalabaw noong taong 2001, nagsimula na rin silang magkaroon ng mapagkukuhanan ng panustos sa pang-araw-araw na gastusin.

Sa kasalukuyan ay mayroon na silang 17 kalabaw.

Nakaipon si Cora ng P108,944.50 mula sa kita sa gatas at P50,000 mula naman sa naibentang mga lalaking kalabaw. Sa paggagatas na rin nagmumula ang panustos sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

"Mula noong magsimula kami sa paggagatas, hindi na kami nahirapan sa pag-aaral ng aming mga anak," masayang sabi ni Cora.

Tulad ni Marites, ipinakita rin ni Cora ang kanyang kakayahang pangalagaan ng mabuti ang kalabaw at naparangalan siya dahil sa pagkakaroon ng *Best Buffalo Cow* noong 2009. Mula sa premyong Php30,000, nakapagpatayo sila ng maayos na bahay para sa mga kalabaw at nakapagsilid ng pera para sa banko.

Ang paggagatas, ayon kay Cora, ay daan din para mabigyan ng sapat at nararapat na edukasyon ang mga anak.

PAGBABAGO NG PANANAW

Habang karaniwan na ang kababaihan ay inaasahang sa trabahong pambahay lamang, iba ang kay Belinda. Siya ngayon ang "boss" ng kanyang sariling negosyo na umiinog sa kalabaw.

Bunsod ng kahirapan sa buhay, napilitang lumayo ang asawa ni Belinda para magtrabaho sa Maynila bilang *security guard*. Manaka-naka lamang na nakakauwi

ito mula Maynila at kadalasang 'di sapat ang kita para sa pamilya. Ito ang naging istilo ng kanilang buhay na pinagtiisan nila sa loob ng 15 taon.

Para matulungan ang kanyang asawa sa paghahanap-buhay, sumali sa RIC si Belinda na noon nga'y pag-aalaga ng baboy ang pinagkakaabalahan. Sa kasamaang-palad, hindi ito nagpatuloy dahil sa taas ng gastos sa pagpapalaki ng mga alagang baboy na kadalasa'y maliit lamang ang nagiging tubo.

Nagbago ang lahat nang magpahiram ang PCC ng isang gatasang kalabaw. Ang agos ng kanilang buhay ay unti-unting nagbago na tulad din ng ibang mga miyembro sa kanilang kooperatiba.

Dahil sa pagkakaroon ng gatasang kalabaw, hinimok niyang magbitiw sa trabaho ang kanyang asawa upang manatili na lamang sa kanilang piling at pagtulungan alagaan ang kanilang mga kalabaw.

"Mula noong bumalik ang aking asawa dito sa Calabalabaan, naging payapa ang pakiramdam ko dahil hindi na niya kailangan pang magtrabaho sa malayo para lang may panggastos kami sa araw-araw," nakangiting sambit ni Belinda.

Ngayon, hindi lamang ang kanilang kita ang patuloy na lumalaki kundi pati na rin ang kanilang "pamilya". Mayroon na silang 11 gatasang kalabaw na itinuturing na rin nilang "kapamilya".

Bilang isang masigasig na tagapangalaga ng gatasang kalabaw at magaling na pinuno ng kooperatiba, naging opisyal si Belinda ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) taong 2002. Una siyang naupo bilang miyembro ng *Board of Directors* ng federasyon hanggang sa siya ay naging chairman ng NEFEDCCO sa loob ng apat na taon.

Sa kasalukuyan, siya ang *chairman* ng ABPC.

Bilang isang mahusay na lider, hindi lamang ito nagbigay-daan para mahasa ang kanyang kaalaman sa *dairy business* kundi taos na nadama ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng buhay—ang panatilihang kapiling ang pamilya habang naghahanap-buhay rin. Ito, anya, ay magagawa sa pamamagitan ng pag-aalaga ng kalabaw para sa *dairy business*.

Ipinapakita ng kababaihan ng Barangay Calabalabaan na ang pagtutulungan ng babae at lalake ay daan tungo sa isang mayabong na tagumpay. Ang mga kababaihang ito ay nagsisilbi ring inspirasyon sa mga kapwa babae na nagnanais ding maging matagumpay sa kanilang buhay.

6 'Pag-aalaga ng gatasang kalabaw ang umakay sa amin tungo sa tagumpay' anang mga magsasaka ng San Jose City

PCC Balita | Tomo 2 Bilang 1, 2010

NI ROWENA G. BUMANLAG

Nagkakaisa ang lahat ng mga kasapi ng Simula ng Panibagong Bukas Primary Multi-Purpose Cooperative (SIPBUPCO) sa pagsasabing ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw ay naging kultura na ng kahusayan sa kanilang lugar sa Lunsod ng San Jose, Nueva Ecija.

“Ang pag-aalaga na ng kalabaw ang naging kultura namin dito sa SIPBUPCO. Lahat kasi kami ay napakalaki ng pakinabang mula sa kalabaw,” ani G. Leovigildo Padiernos, isa sa mga kasapi ng koop.

Dagdag naman ng *vice chairman* ng koop na si G. Florencio Collado,

“**Damang-dama na namin ang pakinabang mula sa kalabaw. Napakalaking tulong talaga dahil araw-araw ay sigurado kaming may kita. Kailangan lang talagang tutukan ang pag-aalaga ng kalabaw.**”

Pinatotohanan naman ng *chairman* ng koop na si G. Fernando Pablo ang mga pahayag na ito ng kanyang mga kasama. Sabi pa niya, “Dahil sa paggagatas, nagkaroon kami ng dagdag na kita bukod sa pagsasaka. Marami na rin ang piniling tumuon na lang sa paggagatas dahil mas malaki ang kanilang kinikita mula dito.”

Nang buuin ang koop noong taong 1998, ang nasa isip ng nagtatag na si yumaong G. Enrique Sardenia ay makapag-iwan ng pamana sa kanyang mga kapwa magsasaka sa pamamagitan ng kooperatibismo na kung saan higit na marami ang makikinabang at magkakaroon ng pagkakataong kumita.

Sa kasalukuyan, ramdam ng mga kasapi ng koop ang magandang hangaring sinimulan ni G. Sardenia. Ang hangaring ito, anila, ay nagdudulot na sa kanila ngayon ng buhay na mas mainam kaysa noon.

Isa ang SIPBUPCO sa mga unang kooperatibang tumanggap ng modyul ng 25 gatasang kalabaw noong 2001. Dalawampu't isang kasaping magsasaka ng koop ang



MGA KASAPI ng SIPBUPCO na naparangalan bilang “Natatanging Kooperatiba ng mga Maggagatas” noong ika-17 anibersaryo ng PCC dahil sa mahusay na pangangasiwa ng kanilang Kooperatiba, matibay na pagkaka-isa, pagbibigay serbisyo sa mga kasapi, napakahusay na pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at pagsusulong ng kabuhayang salig sa kalabaw na nagbunga ng dagdag na kita ng mga kasapi.

Napili ang SIPBUPCO na mabigyan ng parangal dahil sa “mahusay na pangangasiwa ng kanilang Kooperatiba, matibay na pagkaka-isa, pagbibigay serbisyo sa mga kasapi, napakahusay na pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at pagsusulong ng kabuhayang salig sa kalabaw na nagbunga ng dagdag na kita ng mga kasapi.”

nabahaginan noon ng PCC ng 25 na gatasang kalabaw.

Nagmula ang mga magsasaka-katiwala sa mga baranggay ng Villa Joson at Porais sa Lunsod ng San Jose. Ang mga may-ari ng mga gatasang kalabaw sa baranggay Pinili ay naka-plano na ring maging kasapi ng koop.

Noong 2002, naging kasapi ang SIPBUPCO sa NEFEDCCO o Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives. Nang sumunod na taon, ang mga nakokolektang gatas ng koop ay sinimulang diretsong ibinebenta sa pederasyon.

Mula sa 25 na kasapi, ang koop ay nagkaroon ng 53 aktibong miyembro at nakapangongolekta na ng hanggang 2,487 litro ng gatas buwan-buwan. Ito ay katumbas ng P82,000 na kita. Noong magkasunod na taong 2008 at 2009, kumita ang koop ng P1.2 milyon mula sa pagbebenta lang ng gatas.

Sa kasalukuyan, ang SIPBUPCO ay mayroong 95 purong-lahing gatasang kalabaw na 63 sa mga ito ay handa nang magbuntis.

Ayon sa mga kasapi ng koop, pinanatili nila sa kanilang pangangalaga ang mga orihinal na hayop mula sa modyul ng

PCC dahil batid nila ang halaga ng mga ito sa pagbibigay ng kita araw-araw. Ito rin ang dahilan, anila, kung bakit pursigido silang paramihin ang lahi ng kanilang mga purong gatasang kalabaw upang higit pang maramdaman ang malaking pakinabang mula sa mga ito.

Dahil sa determinasyon ng mga kasapi na maparami ang kanilang mga gatasang kalabaw, kinilala ang kanilang koop bilang “Natatanging kooperatiba ng mga Maggagatas.”

Napili ang SIPBUPCO na mabigyan ng parangal dahil sa “mahusay na pangangasiwa ng kanilang Kooperatiba, matibay na pagkaka-isa, pagbibigay serbisyo sa mga kasapi, napakahusay na pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at pagsusulong ng kabuhayang salig sa kalabaw na nagbunga ng dagdag na kita ng mga kasapi.”

Ani G. Pablo, “Hindi namin inasahan na kami ang mananalò. Siguro, malaking bagay na talagang hindi kami nagbenta ng mga orihinal na hayop namin at talagang hangga’t maaari ay hindi kami nagbebenta ng mga kalabaw puwera na lang kung lalake ang bulo.”

Ayon naman kay Wilma del Rosario, punong tagapag-ugnay ng PCC para sa National

Impact Zone (NIZ), “Ang SIPBUPCO ang isa talaga sa mga pinaka-matagumpay na kooperatiba sa NIZ. Tunay itong modelo sa pagpapakita na may malaking pakinabang sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw bilang mapagkukunan ng kita araw-araw lalo na sa mga kanayunan.”

Dagdag pa niya, ang lundo ng pagbibigay ng pagkilala sa mga natatanging may-ari ng kalabaw at mga kooperatiba ay upang kilalanin ang kanilang mahalagang papel bilang mga kapanalig ng PCC sa pagtataguyod ng pagsulong sa kanayunan.

T a u n - t a o n , t u w i n g ipinagdiriwang ang pagkakatag ng PCC, nagbibigay ang ahensya ng mga parangal sa mga natatanging kooperatiba at magsasaka ng gatasang kalabaw. Isinasagawa ito ng PCC bilang pagkilala sa kanilang mahalagang papel sa pagiging modelo ng mga biyaya ng negosyong salig sa gatas ng kalabaw.

Marami pa sa mga kasapi ng SIPBUPCO ang nagpatotoo sa mga biyayang ito. Kabilang sa kanila sina G. Gaudencio Ducusin, Sr. at Alberto Pacariem.

“Ang pag-aalaga ng kalabaw ay

tinitingnan ko bilang paraan din ng ehersisyo bukod sa talagang malaking tulong sa aming kabuhayan at sa pagpapalaral ng mga anak,” ani G. Ducusin, 77.

Mayroon siya ngayong apat na purong lahing gatasan at isang katutubong kalabaw na ginagamit niyang pantrabaho sa bukid.

Ayon naman kay G. Pacariem, isa sa mga bagong kasapi ng koop, naengganyo siya sa magandang kuwento ng tagumpay na narinig niya at personal na nasaksihan mula sa mga matagumpay na nagmamay-ari ng mga gatasang kalabaw.

Aniya, “Nangangarap din ako na baka sakaling dumami din ang mga alaga kong kalabaw. Kami ng anak ko ay maraming plano kung paano namin mapagbubuti ang pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas.”

Si G. Pacariem ay kasalukuyang nagsasaka ng palay sa 2.7 ektaryang lupa. Anya, balak niyang gawing taniman ng Napier ang bahagi nito para sa pakain ng kanyang mga alaga.

Bagama’t nangangarap pa lamang, hindi imposibleng magkakaroon ng katuparan ang hinahangad sa buhay.

'Sa kalabaw, mas gumanda ang buhay ng aking pamilya'

NI ROWENA G. BUMANLAG AT ANSELMO S. ROQUE

Isinalin sa tagalog ni Patricia S. Bernal

Sa pamantayan ng pangkaraniwang pagsasaka, si Salvador Tobias, 55, ng Barangay Villa Joson sa lunsod na ito, ay masasabi nang isa sa mga mauunlad na magsasaka dahil mayroon siyang limang ektaryang lupang sakahan.

Nguni't di gayon ang kanyang kapalaran. Tila ba walang katapusang paghihirap ang dinanas niya. Hindi nakarating ang panustos na tubig sa kanyang sakahan kaya umaasa lamang ito sa tubig-ulan.

Masakit man sa balsa, ay napipilitan siya noong gumamit ng bomba na patubig na malaki ang gastos sa krudo. Kahit nagtatanim siya ng sibuyas at iba pang gulay, di pa rin sapat para maiahon niya ang pamilya sa kahirapan.

Si G. Tobias, kasama ang kanyang may-bahay na si Aling Teresita, ay nakalaan na noon na tanggapin na lamang ang kanilang walang-katiyakang kapalaran, na damay na rin ang kinabukasan ng kanilang pitong anak na apat na lalaki at tatlong babae.

Nakikita din niyang maaaring ganoon na rin ang magiging buhay ng kanilang mga anak sa hinaharap. Ang pag-aalaga ng kalabaw ang nagpabago ng kanilang kabuhayan at maging ng kanilang pananaw sa buhay.

Sa ngayon, madali na lamang ang pasok ng pera sa kanilang pamilya. Silang mag-anak kasama ng kanyang mga anak na may pamilya na ay sama-sama sa pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas sa kanilang lugar.

Ang ilang bahagi ng kanyang bukid sa ngayon ay tinamnam niya ng mga damo para sa kanyang mga alagang kalabaw.

Nitong kasalukuyang taon lamang ay nabigyan si G. Tobias ng parangal mula sa Philippine Carabao Center (PCC) bilang "Natatanging Maggagatas" (Outstanding Dairy Farmer) sa ilalim ng *dairy family module*.



PAGKILALA SA PAGGAGATAS

Taong 2001, isa si G. Tobias sa 25 magsasakang miyembro ng Simula ng Panibagong Bukas Primary Multi-Purpose Cooperative (SIPBUPCO) sa San Jose.

Dumadalo siya sa mga pagsasanay na isinasagawa ng PCC para sa pag-aalaga ng mga kalabaw at pagnenegosyo gamit ang mga gatasang kalabaw na ipinakilala ng PCC bilang pangunahing mapagkukunan ng pangkabuhayan ng mga magsasaka.

Isa siya sa mga tumanggap ng dalawang *Bulgarian buffalo*, kaugnay ng kaukulang kondisyon at pamantayan, mula sa PCC.

Ipinaalam kay G. Tobias na ang mga natanggap niyang mga kalabaw ay mga uring *riverine* na mainam sa pagbibigay ng gatas. Malaki ang pagkakaiba ng kalabaw na ito sa mga uring *swamp* na mainam lamang bilang pangtrabaho sa bukid at nakagbibigay lamang ng isa't kalahating litro ng gatas sa isang araw.

Taong 2003, nalaman niya ang kagandahan ng benepisyong nakukuha sa paggagatas ng kalabaw. Nakakukuha siya ng 4 hanggang 6 na litro ng gatas kada araw mula sa kanyang gatasang kalabaw.

Sa mga nagdaang taon, ang karaniwang kita niya sa paggagatas sa isang kalabaw ay tumaas dahil ang gatas na

nakokolekta niya ay 12 litro sa isang kalabaw.

"Pangarap ko sana na dumami pa ang kalabaw ko at hindi na magsaka," ani G. Tobias.

"Kung tutuusin, katumbas lang ng kita mula sa isang gatasang kalabaw ang kita ko sa isang anihan sa pagsasaka mula sa aking bukid," dagdag pa niya.

Sa pamamagitan ng artipisyal na pagpapalahi ng kalabaw (artificial insemination), gamit ang mga semilya mula sa mga de-kalidad na bulugang kalabaw, ang kanyang mga gatasang kalabaw ay dumami. Sa ngayon, mayroon na siyang 21 na purong lahing gatasang kalabaw at isang mestizo na

(SUNDAN SA P. 10)

Mga may-ari ng gatasang kalabaw sa Cavite: 'Di namin problema ngayon ang panggastos sa araw-araw'

NI ROWENA G. BUMANLAG

Kung ang ibang mga magsasaka ay hilahod sa hirap sa trabahong-bukid, ang mga maggagatas ng *barangay* Navarro sa General Trias, Cavite ay maginhawang natatapos ang trabaho sa maghapon at may sigurado pang kita.

Ang mga nagmamay-ari ng mga gatasang kalabaw na sina G. Reylyto Monzon, Danilo Colos, Nicomedes Formes, Celestino delos Santos at Godofredo Villalobos ay magaang nakatapos ng kanilang mga gawain sa maghapon. Sa umagang-umaga, kanilang ginagatasan ang mga alagang kalabaw at pagkatapos ay isinusuga na o kaya naman ay sinasakatehan. Pagkatapos ng mga gawaing iyon, libre na sila sa ibang oras sa maghapon.

Anang mga ginoo, "Ang aming problema ay hindi kung paano kikita araw-araw kundi kung paano gagastusin ang aming kinita mula sa gatas."

Karaniwan na ngang tampok sa kanilang biruan ang kanilang "masayang problema" tuwing sila'y magpupulong-pulong.

Isa sa mga maggagatas sa

kapit-bahayan ang nagsabing "Ubusin na ang kita ngayon kasi bukas mayroon na namang kita."

Umaabot sa 300 araw o 10 buwan ang haba ng panahong nagagatasan ang kalabaw sa bawa't panganganak.

Kung tutuusin, ang isang inahing mestisa (crossbred) ay nakapagbibigay ng 5 litrong gatas kada araw na humigit-kumulang sa P300 ang napagbibilhan. Ang bawa't litro ng gatas ay maibebenta sa halagang P60. Lumalabas na may siguradong kita ang magsasaka na P90,000 bawa't gatasang kalabaw tuwing panahon ng paggagatas.

Ito ang siguradong kitang tinutukoy ng mga magsasaka ng kalabaw sa Barangay Navarro.

Ang kanilang nakokolektang sariwang gatas ay diretsong ibinebenta sa General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose

Cooperative (GTDRMPC). Nagkakahalaga ng P20 ang bawa't bote (gin) ng gatas. Ang tatlong bote ay katumbas ng 1 litro.

Ang GenTri DRMPC ay isang kooperatibang sinusuportahan ng sangay ng Philippine Carabao Center sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños (PCC-UPLB) at ng lokal na pamahalaan ng General Trias.

Ayon pa sa mga maggagatas ng Navarro, mayroong humigit-kumulang sa 100 na may-ari ng gatasang kalabaw sa barangay ang nagsusuplay ng gatas sa koop araw-araw. Ang pangongolekta ng gatas, anila, ay isang gawaing ikinasisiya nilang gawin tuwing umaga.

Binabayaran sa kanila ng kooperatiba ang nakolektang gatas sa kasunod na araw. Ito'y dahil nagsasagawa pa ang koop ng mga kaukulang pagsusuri sa kalidad ng gatas bago maitakda

ang presyo nito.

Ang *Class A*, o de-kalidad na gatas, ay binabayaran ng P20 bawa't isang bote o P60 kada 1 litro. Samantala, ang *Class B* na gatas ay binabayaran naman sa halagang P18 o 10 porsiyentong mas mababa kaysa sa *Class A*.

"Sa kalabaw, hindi naman malaki ang gastos," ani G. Formes.

Siya ay nagmamay-ari ng limang mestisang kalabaw. Sa kasalukuyan, ang kanyang pang-araw-araw na kita ay mula P300 hanggang P360 mula sa paggagatas.

Ang kanyang ginagastos, na siya ring gastos ng iba pang may-ari ng gatasang kalabaw, ay P24 kada araw bawa't kilogramo ng konsentreyt na ipinakain sa alagang kalabaw.

Karaniwan nang nabubuhay ang kalabaw sa pagkain ng damong *Napier* at mga

katutubong damo. Sagana sa mga ito ang Navarro kung kaya't mainam at angkop na angkop dito ang pag-aalaga ng kalabaw.

Nasabi rin ng apat na ginoo na sila'y lubos nang kuntento sa kanilang ikinabubuhay dahil sa maraming pagkakataong napatunayan nilang ang arawang kita ay higit na mainam kaysa sa matagal na paghihintay sa kita mula sa pagsasaka ng palay.

Ayon kay G. Colos, na isa ring magsasaka ng palay, kung sakaling pipili siya ng mas mainam na pagkakitaan ay mas nanaisin niyang ituon ang buong atensiyon sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

"Sa pagsasaka ng palay, masyado kasing mataas ang gastos at may panahon ng gawat. Sa paggagatas, walang gawat," aniya.

(SUNDAN SA P. 10)



Glory, Cory, Erap at Fidel—nasaan na sila?

NI ANSELMO S. ROQUE

Isinalin sa tagalog ni Khrizie Evert M. Marcelo

Glory, Cory, Erap at Fidel.

Sila ang mga kauna-unahang kalabaw na nalalang sa pamamagitan ng teknolohiyang *In Vitro Embryo Production-Vitrification-Transfer*. Ang bunga ng teknolohiya ay kilala sa tawag na *test-tube carabao* na binuo ng Philippine Carabao Center (PCC).

Si Glory ay isinilang noong Abril 5, 2002 na nagkataong kapanganakan din ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa kanyang karangalan ipinangalan ang kauna-unahang test-tube carabao na bunga ng teknolohiyang ito.

Ayon kay Dr. Danilda Hufana-Duran, *senior agriculturist at project leader* ng PCC *Technology Commercialization*, ang paglilipat ng bilig ni Glory ay isinagawa ng isang grupo ng mananaliksik na nagpunta sa India. Ang mga bilig na nabuo ay iprineserba at ibinabad sa sisidlang may likidong nitroheno (liquid nitrogen) at ibinyahe pabalik sa Pilipinas. Ang mga bilig na ito ay inilipat sa napiling inahing kalabaw upang natural na palakihin sa sinapupunan hanggang sa ito ay maipanganak sa *gene pool* ng PCC.

Tatlo pang kalabaw ang sumunod kay Glory ilang araw pagkapanganak nito. Ito ay sina Erap, Cory at Fidel.

Ilan pang bulo ang naipanganak dahil sa teknolohiyang ito. Pinakahuli sa mga ito ay ipinanganak noong Marso 25, 2010 na pag-aari ni G. Teodoro Villar ng Barangay Mapangpang, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Ayon kay Dr. Libertado C. Cruz, *executive director* ng PCC, ang mga *test-tube* na kalabaw ay isinunod sa pangalan ng mga pangulo ng Pilipinas bilang pagkilala sa malaking kontribusyon na naibigay ng mga ito sa pagpapalawig ng *carabao development program* ng bansa.

Ang programang ito, anya, ay sadyang ginawa upang palaganapin ang pinagbuting lahi ng katutubong kalabaw at makalikha ng isang maunlad na negosyong pang-kalabaw sa bansa.

KAPAKINABANGAN

Batay sa talaan ng *gene pool*, si Glory at Cory ay nakapagbigay na ng dalawang magandang uri ng supling. Sila ay inaasahang makapagbigay ng mataas na



SI ERAP ay isa sa mga matitikas na bulugan na nasa pangangalaga ng PCC-CLSU sa National Bull Farm na matatagpuan sa Barangay Joson, Carranglan, Nueva Ecija.

produksiyon ng gatas.

Si Erap, batay din sa rekord ng PCC, ay nakapagbigay ng magandang kalidad ng semilya. Kasalukuyan itong nasa pangangalaga ng PCC National Bull Farm sa Barangay Joson, Carranglan, Nueva Ecija.

Iba pang bulugan na katulad din ni Erap ang kinukuhanan ng semilya at pinoproseso sa *semen processing laboratory*. Ito ay inilalagay sa *plastic straw* at ibinababad sa tangkeng may likidong nitroheno upang mapanatiling buhay ang semilya.

Kinokolekta ang mga semilyang ito sa mga bulugan dalawang beses kada linggo, tuwing Martes at Biyernes. Napag-alaman na kayang kolektahan ang isang bulugan nang mahigit sa anim hanggang 10 *french plastic straws* ng semilya kada sesyon. Ang bawat straw na ito ay nagtataglay ng 0.5 ml o katumbas ng isang dosis na semilya.

Batay sa talaan ng PCC, si Erap ay nakapagbigay ng 1,270 dosis ng semilya mula Enero hanggang June 2007.

Subalit mas nahigitan siya ng dalawang *test-tube* na kalabaw sa pagbibigay ng semilya. Ang mga ito ay nagtala ng 1,486 at 1,410 dosis bawat isa.

Si Fidel naman, sa kabilang banda, ay nasa pangangalaga ng *dairy farm* ng PCC branch station sa Central Luzon State University (CLSU).

Siya ay kabilang sa kawan ng mga bulugan na nakapagbigay ng magandang lahi ng bulo sa natural na pamamaraan.

(SUNDAN SA P. 11)

Mga magsasaka, pamayanan... (MULA SA P. 1)

kumpara sa “riverine buffalo”.

SI KA ASIS

Sa mga pumalaot sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, di-sasala na mababanggit si Francisco Solis, 47, ng General Trias, Cavite. Kilala siya sa tawag na Ka Asis.

Masasabi na yatang siya ang “pinaka” sa mga humataw dahil sa gatasang kalabaw.

Anak mahirap — na kadalasang gulay na papaya na pinalangoy sa maraming sabaw ang ulam at nakatira sa bahay na ang atip na pawid ay lagi nang naghihintay ng kapalit — si Ka Asis ay nakapagkaroon ng isang babain *crossbred* na kalabaw noong 1991. Ito’y sa pamamagitan ng P11,000 na naipon mula sa mga regalo nang sila ng asawang si Teresita ay ikasal.

Sa pamamagitan ng kalabaw na ito, na nagkaanak, nakaipon silang mag-asawa ng P12,000 mula sa gatas at sa unang bulo na napagbilhan.

“Bumili ako ng isa pang *crossbred*,” ani Ka Asis. “At dinagdagan ko pa ito ng tatlo na mula naman sa PCC sa Los Baños, Laguna,” dugtong niya. Sa kalakasan ng paggatas sa kanyang mga kalabaw, nakakuha noon si Ka Asis ng 100 bote (ng gin) na gatas (katumbas ng 33 litro) na ang presyo ay P30 isang bote. Lumilitaw na P3,000 ang kita niya isang araw mula sa gatas.

Bukod sa sariwang gatas, sila rin ng asawang si Aling Tessie ay gumagawa at nagbebenta ng kasilyo o kesong puti. Unti-

unti, sa pamamagitan ng sipag, tiyaga at mabuting diskarte sa buhay, nakapagpandar ng ibang gamit panghanap-buhay si Ka Asis bukod sa kanyang mga alagang kalabaw na minsang umabot ng 23. Nagkaroon siya ng apat na pampasadang jeep, isang owner-type jeep, isang L200 van, isang *tricycle*, isang traktora, isang *handtractor*, isang tindahan, isang munting panaderya, at mga bukid na sakahin at kuhanan ng pagkain ng kalabaw.

At ito ang pambihira kay Ka Asis. Bumili siya ng Ford Everest na sasakyan noong 2007 na nagkahalaga ng P1.3 milyon. Kung siya’y naghahatid ng sariwang gatas at kasilyo sa kanyang mga suki sa iba’t ibang bayan, sakay siya ng kanyang Ford Everest.

BIGKIS-PAMILYA

Sa Barangay Villa Joson, San Jose City, labis ang kasiyahan ni Salvador Tobias, 55, dahil hindi lamang natagpuan niya ang susi sa pagkita ng pera kundi pagpapanatili pa rin ng matibay na bigkis ng pamilya.

Sa pamamagitan ng kanyang 21 gatasang kalabaw at isang *crossbred* na gamit na pantrabaho sa bukid, sama-sama silang mag-anak na kinabibilangan ng anim na anak, apat na lalake at dalawang babae, kahit na may-asawa na ang ilan.

“Tulong-tulong kaming mag-aanak sa pag-aalaga ng mga kalabaw at sa paggagatas ng mga ito araw-araw,” sabi ni Tobias.

Si Tobias ay tinanghal na *Best*

Dairy Buffalo Farmer ngayong taong ito sa piliang ginawa ng PCC. Siya’y kasapi ng “Simula ng Panibagong Bukas Primary Multi-purpose Cooperative” (SIPBUPCO) na nasa Porais, San Jose City. (Sundan ang kabuuang istorya sa pahina 7)

Ang SIPBUPCO, sa kabilang dako, ay siya namang tinanghal na *Best Dairy Cooperative*.

Nagsimula noong 1999 bilang cooperador ng PCC *25-dairy buffalo cow module project*, ang kooperatibang ito ay may 53 aktibong miyembro na nagmamay-ari naman ng 95 *purebred* na *buffalo*. Ang pinakamataas nilang koleksiyon ng gatas ay 2,487 litro sa isang buwan o katumbas ng halagang P82,000. Noong 2008 hanggang 2009, umabot sa P1.2 milyon ang napagbilhan ng koop sa gatas.

“Dahil sa paggagatas, nagkaroon kami ng dagdag na kita sa pagsasaka. Marami na rin sa amin ang pinili na tumuon na lamang sa paggagatas dahil sa mas malaki ang kanilang kinikita,” ani Fernando Pablo, tagapangulo ng SIPBUPCO. (Sundan ang kabuuang istorya sa pahina 7)

IBA PANG MGA TAGUMPAY

Ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) ay binubuo ng 36 na kooperatiba at naka-base sa San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija. Kumukolekta ng mula 1,000 hanggang 1,200 litrong gatas kada araw ang pederasyon mula sa mga miyembro na binibili sa halagang P36 kada isang litro. Ang gatas ay

ginagawa para sa iba’t-ibang produktong gatas na tulad ng *pastillas*, *lacto juice*, *pulwuron*, *chocolate milk* at iba pa.

Sa loob ng pitong taon, ang NEFEDCCO ay bumili sa mga miyembrong kooperatiba ng kabuuang 1,741,163.71 litrong gatas sa halagang P62.7 milyon. Nabiyayaan ang mahigit sa 1,300 mga may-ari ng gatasang kalabaw na miyembro ng iba’t ibang kooperatiba.

Mula sa 1,000 *purebred* na ipinahiram sa mga kooperatiba, mayroon na ngayong kabuuang 3,250 ang naipanganak ng mga kalabaw na ito na mahigit sa kalahati ay mga babae. (Sundan ang kabuuang istorya sa pahina 4)

Sa Cavite naman, ang General Trias Dairy Raisers Multi-purpose Cooperative (GTDRMPC) ay kilala sa mga produkto nitong gaya ng kesong puti, *pastillas de leche*, *chocomilk*, *strawberry milk*, *pasteurized fresh milk*, *milk-o-gel*, *ice candy* at *yogurt* na ibinebenta dala ang pangalang “Gentri’s Best”.

Noong 2009, ang GenTri DRMPC, na may 139 na miyembro, ay may kabuuang netong kita na P825,733.59 mula sa *gross sales* na P5,722,419.30.

Ang mga miyembro ng kooperatiba ay binabayaran ng P60 kada litro ng gatas na Class A at P54 kung Class B. Karaniwan nang limang litrong gatas ang nakukuha sa isang *crossbred* sa isang araw kaya’t madali para sa isang magsasaka ang kumita ng P300 sa isang kalabaw sa isang araw.

“Ubusin na ang kita ngayon kasi bukas meron na namang darating na kita”, ito ngayon

ang pabiro (nguni’t totoo) na sinasabi ng mga taga-Barangay Navarro, Gen. Trias, Cavite na nakapanayam namin.

Sa Calabalabaan, Science City of Muñoz, ang lubhang nakagugulat ay ang kooperatibang may pangalang “Angat-Buhay Producers’ Cooperative”. Ang mga miyembro nito ay pawang mga ginang ng tahanan.

Ang kooperatibang ito na itinatag noong 1999 ay nakapagtala na ng kitang P8 milyon sa paglipas ng mga taon dahil lamang sa gatas na ipinapasok ng mga miyembro at ibinebenta sa pederasyon. Ang 25 miyembro, na ngayon ay mayroon nang 200 na mga gatasang kalabaw, ay nagsasabing: “Magaan ang pasok ng pera. Madali na para sa amin ngayon ang pang-araw-araw na buhay at ito’y dahil sa ibinibigay na gatas ng aming mga alagang kalabaw.”

PAG-ALALAY NG PCC

Ang PCC, na itinatag sa pamamagitan ng “Philippine Carabao Act of 1992, ay siyang ahensiya na binigyang mandato ng pamahalaan na pag-igihin ang lahi ng kalabaw upang siyang mapagkunan ng gatas, karne, katad, sungay at lakas na pantrabaho para sa kapakinabangan ng mga pamilyang nasa kanayunan.

Sa pamamagitan ng 13 sangay ng PCC sa iba’t ibang dako ng bansa, hindi mahirap para sa mga interesadong mga magsasaka at iba pa na humataw din sila sa kalabaw sa takdang panahon.

PCC-CLSU Products Outlet: Isang huwarang negosyo ng small-scale dairy processing

NI KHRIZIE EVERT M. MARCELO



Ang kalakalan ng gatas ng kalabaw ay patuloy na nagbabago at umuunlad.

Mas marami na ngayong dairy cooperatives na sangkot sa negosyo ng gatas sa iba't-ibang dako ng rehiyon sa bansa.

Subali't, ito naman ay nagdudulot ng pagkabahala dahil sa problema ng pagkakaroon ng di-tamang kagamitang pamproseso, kakulangan ng tamang kaalaman sa pagproseso at di-tamang transportasyon ng gatas.

Makatutulong sa sinuman na mapag-aralan ang matagumpay na PCC-CLSU Products Outlet na akmang modelo para sa isang maliit na operasyon ne negosyo ng gatas.

ANG PCC-CLSU PRODUCTS OUTLET

Taong 2003 nang itatag ang products outlet. Layunin nitong tugunan ang pangangailangan na maipakilala ang mga makabagong teknolohiya sa pagproseso ng gatas sa mga nagsisimulang dairy cooperatives.

Isang uri ng village-type milk processing center, may kapasidad itong mag-proseso ng 100-120 litro ng gatas kada araw gamit ang mga karaniwang kagamitan na matatagpuan sa kusina. Ang tindahan naman ay isinaayos sa paraang grocery-style upang mas maging maginhawa ang pagpili ng mamimili sa produktong nais nilang bilhin.

Ang PCC-CLSU Products Outlet ay nasa bakuran ng Central Luzon State University (CLSU) para ito ay makilala at makagawiang puntahan ng tao.

"Naging mapalad kami sa pagkakaroon ng pwesto sa loob ng unibersidad dahil sa dami ng estudyante na namimili sa amin. Marami ring kasama sa educational tour ang

tumatangkilik sa aming mga produkto", sabi ni Gng. Mina Abella, tagapamahala ng outlet.

Ang outlet ay kumikita ng humigit-kumulang sa P500, 000 kada buwan. Pinakamabentang panahain ang tag-init at kapaskuhan.

Kabilang sa mga produktong ito ay pasteurized milk, choco milk, kesong puti o white cheese, yogurt, lacto juice, pastillas de leche at pulvoron. Gumagawa din ito ng ricotta at quark cheese.

Ang mga produktong ito ay naperpekto sa tulong din ng opinyon at mungkahi ng mga mamimili.

Si Gng. Pia Lim-Castillo ay walong taon nang katuwang ng PCC sa pagbuo ng mga bagong produkto. Isang tanyag na chef at distributor, dinadala ni Gng. Lim-Castillo ang mga produkto sa mga kilalang kainan sa Makati tulad ng Pepato's Café Vola.

PAGPO-PROSESO NG MGA PRODUKTO

Alas siyete ng umaga nagsisimula ang operasyon ng products outlet. Ang mga sariwang gatas ay mula sa PCC Gene pool at karatig na dairy cooperatives. Binibili ito sa halagang P40 kada litro.

Ang mga produktong gaya ng pasteurized milk, pastillas de leche, choco milk at pulvoron ay ginagawa araw-araw, samantalang ang yogurt naman ay tuwing ikalawang araw. Tatlo hanggang apat na beses naman sa loob ng isang linggo kung gumawa ng kesong puti samantalang minsan kada linggo kung gawin ang mozzarella cheese.

MGA KAGAMITAN SA PAGPOPROSESO

"Ang pagpo-proseso ng gatas ay kayang-kayang gawin kahit sa bahay lang na gamit ang mga kasangkapan tulad ng kalang

de-gasul at dalawang kaserola o tinatawag na double boiler set-up," ani Gng. Abella.

Kung nais naman na makagawa ng pastillas de leche, kailangan ang mga gamit na tulad ng kawali, sandok na gawa sa kahoy, kalang de-gasul at matikas na braso sa paghahalo nito, dagdag niya.

Ganito ang gamit ng PCC-CLSU Products Outlet ani Gng. Abella:

- Gas stove- Gamit sa pagluluto at pagpapakulo;
- Kalang de-gasul(11kgs)- Ito ay magagamit hanggang apat na araw;
- Gamit sa pagluluto- Sandok na gawa sa kahoy, kawali, kaserola, timbang panggatas at tray;
- Freezer at Cooling tank- Imbakan at palamigan ng gatas;
- Timbangan- Gamit upang masukat nang tama ang mga produkto;
- Panukat na takalan at kutsara- Gamit upang masukat nang tama ang mga sangkap;
- Gamit pambalot/pang-impake- Plastik na bote, sachets o pouch para sa likidong produkto, plastic na pambalot para sa pastillas at pulvoron at pang-label;
- Pangdisinpekta- Gamit na pang-linis ng mga plastik na bote at lugar ng gawaan;
- Pang-linis ng kamay- Ito ay ginagamit kada 20 minutos; at
- Gamit-pantrabaho- Ang pagsusuot ng akmang kasuotan ay inirerekomenda tulad ng takip sa bibig, ilong, hair net, apron at bukod na tsinelas na goma na gamit lamang sa loob ng gawaan.

Pag-iimpake ng gatas at mga produktong gawa sa gatas

"Malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng mga makabagong pamamaraan ng pag-iimpake ng mga produkto

para lalong mapatagal ang buhay nito", ani Gng. Abella.

Dagdag pa niya, mahalaga din ang mahusay na pag-iimpake upang maging makatawag-pansin ang produkto.

Gumagamit ang PCC-CLSU Products Outlet ng mga plastik na lalagyan at sisidlan sa pag-iimpake ng produkto at heat sealer para sarhan ang mga plastik na pakete.

"Sinisigurado naming malinis ang mga bote sa paggamit ng chlorine solution na may tiyak na dami na inihalo sa tubig. Gumagamit din kami ng mga plastic sachets na akma para sa pag-impake ng mga pagkain upang makasigurong ligtas itong gamitin," pagdidiin ni Gng. Abella.

Ang pakete ay naglalaman ng detalye kung kailan ginawa at kung hanggang kailan tatagal ang produkto para sa kaalaman ng mamimili.

PANGANGALAGA SA MAMIMILI

Responsibilidad ng isang negosyante sa kanyang mamimili ang magbigay ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanyang mga produkto, ayon pa rin ito kay Gng. Abella.

"Ang pagtugon sa pangangailangan ng mamimili o suki ay isang paraan upang patuloy na makahikayat at mapatatag ang negosyo," wika ni Gng. Abella.

Sinabi ni Gng. Abella na importante ring nakatutok sa lahat ng gawain ang namamahala ng isang dairy outlet. Kabilang sa mga gawaing ito, aniya, ang pagpapalano ng produksyon, paraan ng pagbebenta, paghawak ng pera at pangangasiwa sa mga tauhan.

"Mayroon kaming 10 tao na nakatalaga sa pagpo-proseso.

Dalawa sa kanila ay food technologist na nangangasiwa sa paggawa ng mozzarella, quark cheese, kesong puti at butter," ani Gng. Abella.

Ang iba ay kinabibilangan ng isang microbiologist na siyang tumitingin sa pagpapanatili ng mataas na kalidad ng produkto, apat na tao para sa paggawa ng pastillas, isang tagagawa ng pulvoron at isang sales clerk na nangangasiwa ng pagbebenta at pagtatala ng pinagbentahan.

"Mabigat ang kompetisyon lalo na pagdating sa presyo at kalidad ng produkto. Dahil sa pareho ang produkto, ibinababa ng kakumpetensya ang kanilang presyo upang sa kanila magtungo ang mga mamimili. Nguni't, dapat ding isipin ng mga mamimili na ang produktong mababa ang presyo ay may posibilidad na mababa din ang kalidad ng pagkakagawa," ani Gng. Abella.

Ayon sa kanya, mas mararamdaman ang benepisyo o kita mula sa gatas kung ito ay ipoproceso (value-added).

Ang PCC-CLSU Products Outlet ay modelo ng isang techno-demo business unit.

"Nandito hindi upang maipakita ang kagandahan ng negosyong ito at maipakilala ang mga makabagong teknolohiya sa paggawa ng mga produkto," ayon kay Gng. Abella.

Sinabi niya na handa ang kanyang tanggapan na maipamahagi ang mga kaalaman sa pagpoproseso at pagsasapamilihan ng produkto sa mga dairy cooperatives at nagbabalak magnegosyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay.

"Bukas ang pagsasanay para sa lahat. Maaari silang makipag-ugnayan sa PCC-CLSU," sabi ni Gng. Abella.

S&T-based na mga sistema, kagamitan, nakapagpapataas ng kita sa paggagatas

NI KHRIZIE EVERT M. MARCELO

Apat na magkakaugnay na teknolohiya ang sinubok ng Philippine Carabao Center (PCC) sa ilang piling lugar sa Nueva Ecija na kinakitaan naman ng kakayahang pataasin ang kita ng mga maggagatas.

Ang mga teknolohiyang ito ay ang paggamit ng *flushing* sa mga inahing kalabaw, *milk replacer*, *portable milking machine* at *communal cooling facility*.

Sinubukang gamitin ang mga ito sa 18 kalabaw na pag-aari ng mga piling magsasaka mula sa Angat-Buhay Dairy Producers Cooperative at Licaong Dairy Producers Cooperative ng Science City of Muñoz, at Eastern Producers Multi-Purpose Cooperative ng San Jose City.

Ang teknolohiyang natukoy ay di naman gaanong kumplikado at madaling nasundan ng mga magsasakang kalahok sa pagsubok.

Ang *flushing* ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng tatlo hanggang apat na kilogramo ng konsentreyt bawat araw sa buntis na kalabaw mula isang buwan bago manganak hanggang dalawang buwan matapos itong makapanganak.

Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng wastong nutrisyon ang ina pati na din ang bulo na nasa sinapupunan nito.

Dahil din sa *flushing*, nagagawang paigsiin na din ang pagitan sa pagbubuntis at panganganak ng kalabaw at paramihin ang gatas nito.

Kapag may *flushing*, makakasiguro ng tatlong anakan sa loob lamang ng apat na taon ang inahing kalabaw, ayon sa mga eksperto ng PCC.

May dagdag na kita ang may-ari ng kalabaw dahil sa pagkakaroon agad ng bulo.

Humigit-kumulang sa P40,000 mula sa pagbebentahan ng bulo at dagdag na ani ng gatas sa 120 araw na paggamit ng *flushing* ang tantiya ng mga eksperto.

Sa *milk replacer* naman, nakakatiyak na mas makatitipid ang kalahok na magsasaka sa pagpapakin at pangangalaga ng mga bagong panganak na bulo.

Sa teknolohiyang ito, pinaiinom sa bulo ang pulbos na gatas na kapag nilusaw sa tubig ay halos katumbas din ang kalidad sa gatas na mula sa inahing kalabaw. Dahil dito, nakatutulong ito sa pag-angat ng timbang ng bulo at hindi nakapagbibigay ng anumang masamang epekto dito.

Ang nilusaw na gatas ay sinisimulang ipinaiinom sa bulo sa ika-7 araw ng kapanganakan o pagkatapos nitong sumuso ng kolostrum, ang unang gatas ng ina.

Ang bulo na sumususo sa kanyang ina ay nakauubos ng apat na litrong gatas araw-araw. Kung ang isang litrong gatas ay nagkakahalaga ng P32 kada litro, umaabot sa P128 ang kabuuang gastos sa bawat bulo kada araw, kumpara sa P100 na magagastos kada bulo kung ang gagamitin ay *milk replacer*.

Sa loob ng tatlong buwan na pag-aalaga ng bulo, makatitiyak ang mga may-ari ng kalabaw ng



Ipinakikita dito ang aktuwal na paggamit ng *portable milking machine*. Dinaluhan ang pagpapakitang-gawa ng mga teknolohiyang sinubukan ng ilang piling magsasaka sa National Impact Zone.

dagdag na kita na P2,520 kada bulo.

Sa tamang pangangalaga at pag-iimbak ng gatas, iminumungkahi naman ng S&T (Science and Technology) *project* ang paggamit ng *milking machine* at *communal freezer*.

Ang *portable milking machine* ay isang uri ng makinang panggatas na may kakayahang gayahin ang natural na pagsuso ng anak sa kanyang ina. Karaniwan itong *double bucket type* o dalawang balde na may kakayahang gumatas ng sabay sa dalawang gatasang kalabaw.

Ito ay isang mahusay na pamamaraan ng pagkulekta ng gatas mula sa gatasang kalabaw. Naiiwasan din ang madaliang pagkasira ng gatas dahil nalilimitahan nito ang kontaminasyon na maaaring idulot sa panahon ng paggagatas.

Ang *communal freezer* naman ay isang makinang sumisiguro ng mas mahabang buhay ng gatas ng kalabaw at ang pagiging sariwa nito.

Sa paggamit nito, maaaring gawin ang paggagatas ng dalawang beses isang araw dahil nakasisiguro na malilimitahan na ang pagkasira ng gatas.

Ang mga karagdagang pakinabang sa paggamit ng *milking machine* ay ang dagdag na 150 litro ng gatas kada buwan na maaaring makuha sa gatasang kalabaw. Samakatuwid, sa kalabaw na ginagatasan ng 10 buwan, ang magsasaka ay maaaring kumita ng P48,000.

Dahil sa teknolohiyang ito, napaaangat ang kalidad ng gatas dahil mas nalilimitahan na ang agarang pagkasira nito na dahilan din upang mas tumaas ang presyo ng gatas ng P2 kada litro.

Ang isang *portable milking machine* ay nagkakahalaga ng P58,000.

Ayon kay Dr. Daniel L. Aquino, hepe ng PCC Nutrition Unit at study leader ng proyektong ito, ang S&T-based *Farm Project* ay nakatutulong upang palawakin ang kaalaman ng mga kalahok na magsasaka sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw.

Ginagaratyan din ng proyektong ito ang mga positibong maidudulot nito sa pagpapataas ng kita mula sa pangangalaga at pagpapadami ng kalabaw.

Ang proyektong ito ay pinondohan ng Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development (PCARRD-DOST).

'Sa kalabaw, mas gumanda ang buhay...' (MULA SA P. 7)

kanyang ginagamit bilang pantrabaho sa bukid.

Napili si Mang Tobias sa parangal dahil sa kanyang magandang halimbawa sa iba pang maggagatas.

Nakapaloob sa pamantayan sa pagpili bilang isang natatanging maggagatas ang maayos na pamamamahala ng mga kalabaw, magandang pangangatawan ng kalabaw, malinis na kapaligiran, maayos na pagkolekta ng gatas, pakikiisa ng pamilya, at pagsunod sa iba pang pamantayan ng PCC.

TRABAHONG PAMPAMILYA

Si G. Tobias, kasama ng kanyang asawa't mga anak ay naghahati-hati sa trabaho sa pag-aalaga ng kanilang kalabaw at paggagatas.

Ang kanilang apat na anak na sina Dennis, Russel, Aser, at Wendell ay tumutulong sa pag-aalaga ng mga kalabaw, pagsasakate, at maging sa pagpapaligo bago ang mga ito ay gatasan.

Samantala, ang kanyang panganay naman na anak na si Dennis ay isang teknisyen at *veterinary aide*. Siya ang nakaalam sa artipisyal na pagpapalahi ng kanilang mga kalabaw at iba pang gawaing tulad ng *pregnancy diagnosis*, deworming at pagpapainom ng bitamina sa mga alagang hayop. Ang kanyang asawa naman at kanyang mga anak na babae ang naghahanda ng mga gamit sa paggagatas.

Tinitiyak din nilang malinis ang mga kulungan ng mga kalabaw maging ang pamamahala sa

mga talaan ng mga hayop at ng kanilang negosyo.

"Yung isa kong anak na babae, *Grade 6* pa lang marunong nang maggatas. Naaaliw ako at sobrang natutuwa na yung mga anak ko ay natutunan na ring mahalín ang kahalagahan ng mga kalabaw sa pamilya namin," ani Mang Tobias. "Masasabi rin naming na ang pag-aalaga ng kalabaw ay isang pampamilyang gawain," dugtong pa niya.

Kumikita siya ng P1,000 sa isang araw kapag kalakasan sa paggagatas. Ngunit hindi din naman sa lahat ng pagkakataon ay maganda ang kita.

Gayumpaman, ang P350 sa isang araw ay malaking tulong na rin sa mag-anak na Tobias.

Malaking tulong din ang pag-aalaga ng kalabaw sa kanilang

pamilya upang matugunan ang mga pangangailangan nila sa pagpapa-aral ng kanilang mga anak.

Ang isa nilang anak ay kasalukuyang nag-aaral sa isang unibersidad at ang bunso naman ay nasa hayksul.

Elementarya lamang ang natapos ni Mang Tobias ngunit umaasa siyang balang araw ay magkakaroon siya ng mga anak na nagsipagtapos ng kolehiyo.

Ang mga nakukuha niyang mga gatas sa kanyang kalabaw ay kinokolekta ng isang ahente mula sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) at naipagbibili niya ito sa halagang P35 kada isang litro. Ang nakukuha lamang niya ay halagang P34 dahil ang P1 ay napupunta sa

kooperatiba bilang kanyang ipon.

Gumagastos lamang siya ng P15 sa isang araw para sa mga concentrate feeds kapag maaaring nang gatasan ang kalabaw.

Mula sa kanyang kinikita sa ngayon, nakapagpandar na si Mang Tobias ng isang *tricycle*, isang motorsiklo, isang kolong-kolong at isang *power sprayer* para sa paglilinis ng 80-metro kwadrang kulungan ng kanyang mga alagang kalabaw.

Ayon kay Mang Tobias, maraming mga magsasaka sa kanilang lugar ang interesado na ring magkaroon ng gatasang kalabaw dahil nakikita nila ang kagandahan ng paggagatas at alam nilang mayroong pang araw-araw na kita sa ganitong gawain.

Glory, Cory, Erap at Fidel... (MULA SA P. 8)

IBA PANG TEST-TUBE NA KALABAW

Ayon kay Dr. Duran, ang prosesong pagsasagawa ng *test-tube* ay nasubukan na din sa mga kalabaw na pagmamay-ari ng mga magsasaka na nagdulot ng matagumpay na resulta. Kabilang sa mga ito, ay ang pagsasagawa ng teknolohiya gamit ang mga katutubong kalabaw ng mga magsasaka sa iba't-ibang lugar sa Nueva Ecija.

Isinasagawa din ang pagkakambal, na kung saan

dalawa o higit pang bilig ang inililipat sa inahing kalabaw. Ipinanganak noong 2004 ang kauna-unahang pares ng kambal na kalabaw.

Isinunod din sa pangalan ng mga taong naging daan upang maging matagumpay ang proyektong ito ang iba pang nabuong *test-tube carabao*. Kabilang sa mga bulo ay pinangalanang Pat, bilang parangal kay Dr. Patricio Faylon, direktor ng Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research

and Development (PCARRD); Liberty bilang parangal sa executive director ng PCC; *Sharma, Irfan, Karvir* at *Shuttarri* bilang parangal sa grupo mula sa India na kabilang sa proyektong ito.

Sa kanilang lahat, si Sharma ang pinaka-kilala dahil sa taas ng produksiyon ng gatas na naibibigay nito. Ito ay nasa pangangalaga ni Mang Celestino Gonzales ng Macatbong, Cabanatuan City.

KAHALAGAHAN NG TEKNOLOHIYA

“Dahil sa paggamit ng pinagbuting teknik ng *test-tube*,

tumatagal na lamang ng isang taon upang makapag-anak ng mga purong lahi ng kalabaw kumpara sa pagsasagawa ng *crossbreeding* at *backcrossing* na umaabot ng 20 taon o higit pa”, saad ni Dr. Duran.

Ang teknik na ito ay naging daan upang mapadali ang pagkuha ng bilig ng kalabaw mula sa ibang bansa pabalik sa Pilipinas na nakapresterba.

“Napili ang India bilang lugar na pagmumulan ng bilig dahil sa malaking bilang ng katayan ng kalabaw na maaring pagkunan ng mga ito”, ani Dr. Duran.

Ang sentro na laboratoryo

para sa mga bilig ay itinayo sa Aurangabad, India noong 2001 upang dito mabuo ang mga *test-tube* na *embryo* o bilig.

Nakaplano ang grupo ni Dr. Duran na bumalik sa India ngayong taon upang makabuo pa ng mas maraming *test-tube embryo* na maaring ilipat sa mas maraming babaing kalabaw sa bansa.

Ang proyektong ito ay pinondohan ng dating Sen. Ramon Magsaysay Jr., Bureau of Agricultural Research ng Department of Agriculture at ng Department of Science and Technology-PCARRD.

Pinuno ng PCC, ibinahagi sa World Buffalo Congress... (MULA SA P. 1)

ang mga pagsisikap para sa pagsulong ng industriya ng paggagatas upang makapag-ambag sa kabuuang ekonomiya ng Asya, anya.

Ginanap ang nasabing pagtitipon sa Buenos Aires noong nakaraang Abril 25-28, 2010.

Si Dr. Cruz ay dating pangulo ng International Buffalo Federation at ng Asian Buffalo Association. Ang mga organisasyong ito ay gumaganap bilang sentro ng pagbabahaginan ng mga usaping may kinalaman sa pagsulong ng industriya ng paggagatas para sa pag-unlad ng buhay ng maliliit na magsasakang nagmamay-ari ng kalabaw.

Ayon sa Food and Agriculture Organization, 97 porsiyento ng populasyon ng mga kalabaw sa buong mundo, na naitalang umaabot sa 170 milyon, ay matatagpuan sa Asya. Tinatayang ang 98 porsiyento nito ay pagmamay-ari ng maliliit na magsasaka. Sila yaong mga nagmamay-ari ng kulang sa 5 ektarya ng lupain at nag-aalaga ng wala pang limang kalabaw.

Ang ika-1.8 bahagdan ng kabuuang populasyon ng mga kalabaw sa Asya ay nasa Pilipinas.

Sa kanyang papel na “Recent Developments in the Buffalo Industry in Asia” na kanyang binasa sa pagtitipon, sinabi ni Dr. Cruz na ilan sa mga pagsisikap na paunlarin ang industriya ng pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw sa Asya ay ang mga isinasagawang pananaliksik upang mapataas pa ang kakayahan nitong magbigay ng mas maraming gatas.”

Dagdag pa niya, “Ginagawa ito sa pamamagitan ng programa ng *crossbreeding* na kung saan

napatataas ang lahi ng isang kalabaw kapag pinalahian ito sa may magandang lahing gatasan.”

Dugtong pa ni Dr. Cruz, “Ang mga bansa sa Asya ay masugid ngayong tinatatahak ang siyensya ng paglinang sa hene ng mga gatasang kalabaw upang lalo pang mapaghusay ang kakayahan nitong magbigay ng gatas.”

Anyang pa, kaakibat nito ang sistema ng maayos na pagsusuri at maselang pagpili ng pinakamagandang gatasang hayop at paggamit ng pinakabagong pamamaraang *biotechnology*.

Sinabi ni Dr. Cruz na pinag-iibayo na rin ng Pilipinas ang pananaliksik at pagpapaunlad ng paghahayupan na nakasalig sa pagpapahusay ng hene upang mapaghusay ang potensyal nito. Sa nalalapit na hinaharap, sabi niya, magiging kasama na rin sa pananaliksik ang iba pang hayop na tulad ng tupa, kambing at baka.

“Tinutungo ng Pilipinas ang direksiyong pagpapataas sa lahi ng mga katutubong kalabaw sa pamamaraang *backcrossing*. Layunin ng programa na makapagparami ng matataas na lahing gatasang kalabaw na halos katulad sa mga purong lahi.”

Paliwanag ni Dr. Cruz na ginagawa ang malawakang *crossbreeding* sa Pilipinas sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga de-kalidad na pinagyelong semilya. Sa kasalukuyan, anya, may kapasidad na ang Pilipinas na magsagawa ng 55,000 na serbisyo ng *artificial insemination* (AI) kada taon.

Kaagapay ring isinasagawa, anya, ang maiging pagsusuri at pagpili sa mga magagandang bulugan na *riverine* o gatasang *buffalo* mula sa mga kawan ng matataas na lahing kalabaw na siyang ginagamit sa pagpataas ng lahi ng kalabaw.

“Ang mga mestisang kalabaw o *crossbred* ay may *growth performance* na umaabot sa 75 porsiyentong kahigitan kaysa sa mga katutubong lahi. Sila ay nakapagbibigay ng 4.5 kilogramong gatas (kada araw) kumpara sa 1.25 kilogramo mula sa mga katutubong lahi,” ani Dr. Cruz.

Dagdag pa niya, “Habang tumataas ang dugo o lahi ng kalabaw, tumataas din ang kakayahan nitong magbigay ng higit na maraming gatas.”

Karagdagan sa serbisiyong AI, patuloy ni Dr. Cruz, ay ang pagpapahiram ng mga bulugan. Ang mga magagandang uring bulugan na may lahing gatasan ay ipinahihiram sa mga lugar na hindi naaabot ng serbisiyong AI.

Sa kasalukuyan, pahayag pa niya, halos 1,850 na ang mga bulugan na may kapasidad na bumulog sa loob ng limang taon ang naikalat sa mga piling lugar sa Pilipinas.

Sa ibang mga bansa sa Asya tulad ng India at Pakistan, umaabot sa 45 hanggang 65

porsiyento ng kabuuang suplay ng gatas ang nagmumula sa mga gatasang kalabaw.

Mataas rin ang produksyon ng karne sa India mula sa mga hayop na ito na nagbunsod upang makapagluwas ang bansa ng karne sa pandaigdigang pamilihan. Tinitingnan ito bilang mapagkukunan ng kita at trabaho para sa maraming mga pamilya sa kanayunan na umaasa sa kabuhayang nakasalig sa kalabaw.

Ayon kay Dr. Cruz, kadalasang inaakala ng mga mamimili na ang karne ng kalabaw ay matigas kung kaya't hindi nila ito gugustuhing bilhin. Anya, ito ay dahil sa karaniwan nang matatanda at pantrabaho ang mga kalabaw na kinakatay.

97 porsiyento ng populasyon ng mga kalabaw sa buong mundo, na naitalang umaabot sa 170 milyon, ay matatagpuan sa Asya

Binigyang-diin ni Dr. Cruz na, batay sa mga pag-aaral, ang batang kalabaw ay kaparehong maganda ang karne sa batang baka.

Bukod sa malusog na industriya ng karne ng kalabaw sa India, kinilala din ng bansang ito ang potensyal ng mga nag-aalaga ng kalabaw sa mga kanayunan upang maging base ng produksyon ng gatas. May matibay na rin itong sistema na humahawak sa aspetong pagproseso ng gatas.

Sa ngayon, sa India ay may matatag na kapisanan ng mga

maggagatas na binubuo ng mahigit 11 milyong kasaping magsasaka, halos 100,000 samahan ng mga maggagatas sa mga nayon, 180 samahan ng mga maggagatas sa mga distrito at 18 na pederasyon sa lebel ng estado.

“Sa ganitong kahanga-hangang transpormasyon sa kanayunan, hindi nakapagtatahakang pipiliin pa rin ng mga magsasaka ang kalabaw bilang kanilang kasama sa kabuhayan dahil hindi na bago ito sa nakagawian nilang pamumuhay,” ani Dr. Cruz.

Nagbigay ang ginanap na 9th WBC ng pagkakataon sa maraming dumalo dito ng mga karagdagan kaalaman tungkol sa mga pinakabagong

anunsyo at pangyayari sa mundo na may kinalaman sa paggamit ng mga biyayang dulot ng gatasang kalabaw.

Kabilang sa mga nagsidalo ang mga dalubhasa at propesyunal sa larangan ng pagpapaunlad sa kalabaw at iba pang disiplina.

Inorganisa ang matagumpay na kongreso ng IBF at ng Argentine Association of Buffalo Breeders.

Nakatakdang ganapin ang susunod na WBC sa Thailand sa 2013.

Mga may-ari ng gatasang kalabaw sa Cavite... (MULA SA P. 7)

Dagdag pa niya, isa sa kanyang mga gatasang kalabaw ay nakapagbibigay ng hanggang 7 litro ng gatas araw-araw.

Dahil dito at sa pasilidad ng koop na pagpapautang sa mga miyembro nito, napakapagpandar si G. Colos ng mga gamit sa bahay at madali rin itong nabayaran sa pamamagitan ng pinagbilhan mula sa gatas.

Ayon naman kay G. delos Santos, na nagmamay-ari ng 10 mestisang kalabaw, “Malaking tulong talaga ang kita mula sa paggagatas ng kalabaw para sa aming mga magsasaka. Sa pagtanim ng palay, matagal ang paghihintay sa kita.”

Susog ni G. Formes, “Sa kalabaw, kapag sila'y nanganak, siguradong may tutulong gatas

at siguradong kikita ka araw-araw. Hindi namin kailangang maghintay ng tatlo hanggang apat na buwan bago kumita. Sa palay, halos walang matira sa amin dahil maraming inaawas sa ani.”

Si G. Formes, katulad din ng iba pang magsasaka sa Navarro, ay nagpapatotoo sa mga benepisyong natatamo niya mula sa paggagatas na dahilan kung bakit walang hirap niyang naitataguyod ang kanyang pamilya.

Masaya ring ibinalita ng mga maggagatas na malaking tulong sa kanilang pagpaparaal ng mga anak ang kanilang kinikita mula sa paggagatas.

Kuwentuhan din ang ‘masayang problema’ ng kani-kanilang may-bahay.

Ani G. Villalobos, “Ang asawa ko tagatanggap at taga-ubos na lang ng pinagbilhan [ng gatas]. Masaya sa paggagatas dahil ito na ang aming tunay na pinagkakakitaan.” Dugtong pa niya, “Wala rin akong

maipipintas sa PCC dahil lahat ng maibibigay nitong suporta ay ibinigay na sa amin.”

Isa sa 33 barangay sa General Trias ang barangay Navarro. Itinuturing din itong “balong ng gatas” dahil may humigit-kumulang nang 150 mestisang kalabaw sa nasabing barangay na nagsusuplay ng higit sa 100 litro ng gatas sa GenTri DRMPK kada araw, at patuloy pang pinararami sa pamamagitan ng maigting na pagsisikap ng PCC.

BASYONG AT BASYANG: Kambal na kalabaw sa PCC-DMMMSU

NI ERICSON DELA CRUZ

Isang kambal na *crossbred* na bulo, isang lalake at isang babae, ang kagya't na naging tampulan ng atensiyon sa Rosario, La Union.

Pinangalanang "Basyong" at "Basyang" ang mga bulo na ipinanganak noong Agosto 18, 2010. Lumilitaw na sila ay kauna-unahang kambal na bulo sa nasabing munisipyo na naging bunga ng serbisyong *Artificial Insemination* (AI).

Ang inahing kalabaw na nagsilang ng kambal ay pag-aari ni G. Alfredo Danao, 60. Isa siya sa mga suki ng PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC-DMMMSU) sa Rosario, La Union.

Sa tala ng PCC sa DMMMSU, isinagawa noong Ocktubre 13, 2009 ang AI sa inahing kalabaw na may edad 12 na taon. Ang

semilyang ginamit ay mula sa lalaking *Murrah buffalo*.

Nang maipanganak ang kambal, agarang sinabi ni G. Danao, "Magsisilbing anak sa amin ang kambal na kalabaw."

Bagama't si G. Danao at ang kaniyang kabiyak ay hindi pinalad na pagkalooban ng anak, maligaya ang mag-asawa sa pagkakaroon ng kambal na bulo.

Si G. Reynaldo Paneda, *Science Research Assistant* ng PCC-DMMMSU, ang siyang nangasiwa ng serbisyong AI sa kalabaw ni G. Danao. Siya rin ang nagsisilbing supply officer, AI *coordinator* at tagapangasiwa ng *Impact Zone* sa PCC-DMMMSU.

Ilan sa mga kooperatiba na ginagabayan ni G. Paneda ay ang Rosario Dairy Multi-Purpose Cooperative-Tay-AC sa Rosario, La Union; Laoac Dairy Multi-Purpose Cooperative-Libueg sa Laoac; Pangasinan, Organic Pares-Pares Multi-Purpose

Cooperative-San Nicolas sa Pangasinan at ang Luna's Dairy Farm-Inabaan Norte sa Rosario. La Union na isang pribadong negosyo.

Ayon kay G. Paneda "Masarap ang pakiramdam ng nakapagseserbisyo nang maayos sa mga magsasaka. Bale-wala ang pagod at pagpasok sa trabaho ng kahit Sabado at Linggo lalo na kung kuntento ang pinaglingkurang sa serbisyong ibinigay natin. Hindi matutumbasan ng pera ang kaligayahang nararamdaman namin."

Ang PCC sa DMMMSU ay isa sa 13 sangay ng PCC. Ito ay nasa ilalim ng pamumuno ni Gng. Gloria dela Cruz bilang *Center Director*.

Ang AI ay isa sa programa ng PCC na naglalayong mapataas ang antas ng lahi ng mga native na kalabaw sa ibat-ibang panig ng bansa.



MAY PAGMAMALAKING ipinakita dito ng mag-asawang Alfredo at Gloria Danao ang kanilang kambal na bulo sa Rosario, La Union na bunga ng serbisyong AI ng PCC.

Pera mula sa gatas ng kalabaw

NI JOAHNA G. GOYAGOY

Habang ang Nuewa Ecija ay kinikilala bilang pangunahing *rice producer* sa bansa, ang paggagatas ng kalabaw naman ay patuloy na umuusbong bilang isa sa mga pangunahing pangkabuhayan ng mga Novo Ecijanos.

Ito ang naging resulta ng pagkakakilanlan ng Nuewa Ecija bilang National Impact Zone (NIZ). Ang NIZ ay naglalayong paunlarin ang kakayahanan ng kalabaw sa pagbibigay ng gatas at iba pang mga produkto.

Ang pag-aaral na ito ay pinangunahan nina Liza G. Battad, Wilma T. del Rosario, Sonia D. Pol, Arline M. Del Barrio at Honorato M. Baltazar

ng Philippine Carabao Center (PCC).

Bukod sa karagdang kita sa sariwang gatas o *raw milk*, may mga produkto na ring nagagawa mula rito gaya ng *pastillas*, kesong puti, *butter*, at *flavored milk*.

Bilang NIZ, 36 na kooperatiba na binubuo ng 928 na magsasaka ang naging pangunahing benepisyaryo ng naturang proyekto. Mula sa 1,000 na gatasang kalabaw na ipinahiram sa mga miyembro ng mga kooperatibang ito, mayroon nang 3,250 *Murrah buffaloes* na ipinanganak sa buong Nuewa Ecija.

KATULONG NG PROYEKTO

Ang Nuewa Ecija Federation

of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) ang naging katulong ng PCC para mas mapalalim ang proyektong NIZ sa Nuewa Ecija. Ang NEFEDCCO ang siyang pangunahing tagakolekta at tagaproseso ng raw milk mula sa mga miyembro ng mga naturang kooperatiba.

Kabilang sa mga produktong pinoproseso ng NEFEDCCO ay ang *fresh pasteurized milk*, *choco-milk*, *lacto-juice (fruit-flavored milk)*, *green milk (pandan at moringa extracts)*, *pastillas*, at kesong puti.

Bukod dito, gumagawa rin ang NEFEDCCO ng mga nakapaketeng gatas para sa *milk feeding program* sa mga primeryang iskwelahan. Mula 2002, nakapagsuplay na ito ng 2.6 milyong 200-ml na pakete

ng gatas na nagkakahalaga ng 29 milyong piso. Ito ay ibinahagi sa 22,000 na mag-aaral sa Metro Manila.

Ang planta at opisina ng NEFEDCCO ay nasa San Ricardo, Talavera, Nuewa Ecija.

KUMIKITANG KABUHAYAN

Patuloy ang pagtaas ng produksyon ng gatas ng kalabaw sa Nuewa Ecija dala ng pagdami ng gatasang kalabaw. Dumarami na rin ang mga sumasaping miyembro sa mga *dairy cooperatives*.

Ang isang gatasang kalabaw ay karaniwang nakapagbibigay ng limang litro ng gatas kada araw. Ang bawat litro naman ay nagkakahalaga ng P36 na kung susumihin ay nagkakahalaga ng P180 kada araw. Sa kabuuan,

ang isang gatasang kalabaw ay nakapagbibigay ng kitang umaabot sa P44,833 kada taon.

Patuloy na dumarami ang nagkakagusto sa kalabaw dahil sa malaking potensyal nito na magbigay ng sapat na hanap-buhay lalo na sa mga magsasaka.

Dagdag pa rito ang pagkakaroon nila ng sariling bahay at lupa mula sa kita sa gatas. Sa katunayan, karamihan sa mga magsasaka ay nagsabing dito rin nanggagaling ang panustos nila sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

Dahil dito, marami na sa kanila ang ipinagmamalaki ang ganda ng buhay mula sa gatas ng kalabaw. Ika nga, "*daily milk for daily gold.*"

PCC Balita

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura

Rowena Galang-Bumanlag
Patnugot

Joahna G. Goyagoy
Tagapamahalang Patnugot/Layout

Khriez Evert M. Marcelo
Katulong na Patnugot

Patricia S. Bernal
Ericson N. dela Cruz
Mga nag-ambag ng artikulo

Anselmo S. Roque
Kasanguni

Eric P. Palacpac
Hepe, Knowledge Resource Management Division

Libertado C. Cruz
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
ISO 9001:2008

Alamin ang pinakamalapit na tanggapan ng PCC sa inyong lugar!

LUZON

PCC sa Cagayan State University
Piat, Cagayan
Tel. Blg.: (078) 844-6395
Sakop ng serbisyo: Region II at CAR (Ifugao, Kalinga, Apayao)

PCC sa Mariano Marcos State University
National Highway, Brgy. Tabug, Batac, Ilocos Norte
Tel. Blg.: (077) 792-3187
Sakop ng serbisyo: Region I (Ilocos Norte, Ilocos Sur) at CAR (Abra)

PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University
Rosario, La Union
Tel. Blg.: (072) 712-0118
Sakop ng serbisyo: Region I (La Union, Pangasinan) at CAR (Benguet)

PCC sa Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. Blg.: (044) 456-5238
Sakop ng serbisyo: Region III at CAR (Abra, Ifugao, Benguet)

PCC sa University of the Philippines, Los Baños
B.M. Gonzales, Animal Science Complex U.P. Los Baños, College, Laguna
Tel. Blg.: (63) (049) 536-2729
Sakop ng serbisyo: Region IV-A, IV-B, at V

VISAYAS

PCC sa La Carlota Stock Farm
La Granja, La Carlota City
Tel./Fax. Blg.: (034) 735-0121
Sakop ng serbisyo: Region VI (Negros Occidental)

PCC sa Visayas State University
Baybay, Leyte
Tel. Blg.: (63) (053) 335-2648
Sakop ng serbisyo: Region VIII

PCC sa West Visayas State University
WVSU Calinog Campus, Calinog, Iloilo
Tel. Blg.: (63) (033) 320-2445
Tanggapang Tagapag-ugnay: WVSU, La Paz, Iloilo City
Sakop ng serbisyo: Region VI (Iloilo, Guimaras, Capiz)

PCC sa Ubay Stock Farm
Ubay, Bohol
Tel. Blg.: (038)-518-5598
Sakop ng serbisyo: Region VII (Bohol, Cebu, Negros Oriental)

Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 33; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail address: pcc-oed@mozcom.com

MINDANAO

PCC sa Central Mindanao University
Musuan, Bukidnon
Tel. Blg.: (63) (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region X at Region XIII (CARAGA)

PCC sa University of Southern Mindanao, Kabacan, North Cotabato
Tel. Blg.: (63) (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region XI, ARMM (Maguindanao) at Region XII (North Cotabato)

PCC sa Mindanao State University
Marawi City
Tel. Blg.: 0918-518-3854; 0908-883-8897
Sakop ng serbisyo: Region XII (Lanao del Norte) at ARMM (Lanao del Sur)

PCC sa Mindanao Livestock Production Center
Kalawit, Zamboanga del Norte
Tel. Blg.: (062) 311-4762; (0918) 919-4473
WESMIARC, Ipil, Zamboanga
Sakop ng serbisyo: Region IX at ARMM (Sulu, Tawi-tawi)